MATANGLAWIN

OPISYAL NA PAHAYAGANG PANGMAG-AARAL NG PAMANTASANG ATENEO DE MANILA



ANG MINDANAO ISYU

PAKINGGAN ANG KUWENTO NG TIMOG

TANAWIN NG MATANGLAWIN

Mapanghamon ang ating panahon.

Kailangan ang mga matang nangangahas tumitig at magsuri sa paligid. Kailangan ang isang tanglaw ng katotohanan sa gitna ng dilim na laganap na pambubulag at pagbubulag-bulagan. Kailangan ang mga kuko ng lawing daragit sa mga dagang ngumangatngat sa yaman ng bansa at ahas na lumilingkis sa dangal at karapatan ng mga maralita. Kaya't ang Matanglawin ay bumabangon upang tumugon.

Tumutugon ang Matanglawin, una, bilang pahayagan ng malaya at mapagpalayang pagpapalitan ng kuro-kuro tungkol sa mahahalagang usaping pampaaralan at panlipunan; at ikalawa, bilang isang kapatiran ng mga mag-aaral na may malalim na pananagutan sa Diyos at sa Kaniyang bayan.

Ang Matanglawin ay hindi nagsisimula sa wala. Saksi ito sa nakatanim nang binhi ng pagtataya at pagkilos ng ilang Atenista. Subalit hindi rin ito nagtatapos sa simula. Hangad nitong diligin at payabungin ang dati nang supling, at maghasik pa ng gayong diwa sa higit na maraming mag-aaral. Hangad din nitong ikalat ang gayong diwa sa iba pang mga manghahasik ng diwa at sa iba pang mga pamayanang kinasasangkutan ng mga Atenistang kumikilos palabas ng kampus.

MATANGLAWIN 2016-2017

RAFAEL MAYA TALABONG, IV-AB COMM '17
PUNONG PATNUGOT

KATHERINE ALAMARES, III - AB LIT (ENG) '18
KATUWANG NA PATNUGOT

JEROME CHRISTOPHER FLORES, IV - AB SOS '17
NANGANGASIWANG PATNUGOT

JENNIFER PAGAY, IV - BSM AMF '17
PANGKALAHATANG KALIHIM

JOSE MEDRIANO, III - AB POS '18
PATNUGOT NG SULATIN

ROSALAINE PESARIT, III - AB LIT (ENG) '18
PATNUGOT NG SINING,
TAGAPAMAHALA NG PANDAYAN

MICAH RIMANDO, III - BFA ID '18
PATNUGOT NG DISENYO,
TAGAPAMAHALA NG SOCIAL MEDIA

BIANCA FENIX, IV - AB IS '17
TAGAPAMAHALA NG PROYEKTO,
INGAT-YAMAN

SULATIN AT SALIKSIKAN
CARL JASON NEBRES - KATUWANG NA PATNUGOT, MARY GRACE AJERO, ANGEL KISCHKA BACCAY, MARY JILL IRA BANTA, ROBBIN DAGLE, BEN EMMANUEL DELA CRUZ, THEA LYNN DOCENA, NAOMI FLORES, JESSICA NICOLE GAYO, PATRICK GERONIMO, GERALD JOHN GUILLERMO, RIEL GLENN GUTIERREZ, PAMELA ANNE ISIP, APRILLE DIANE JARCIA, ABEGAIL JOY LEE, DANIELLE THERESE LINTAG, JEAN CEDRIC MADRIGALEJO, ALANA MARIS MONTEMAYOR, DENISE JOSHUA NACNAC, KING REINIER PALMEA, ANNE MARIE REY, PACO RIVERA, DENISE ABBY SANTOS, MAUREEN ANGELICA STINSON, JOSE ABELARDO TORIO, PATRICIA ANNE YRAY

SINING
YAYIN ARAÑA, KARLO ERFE, DANNE ANGELICA BATHAN, ED JAN CEARA AGAY, ALYSSA DELA CRUZ, RICHARD MERCADO, JOSE EDWIN SEGISMUNDO, ALAWI SULARTE, REINA KIMBERLY TAMAYO, ANGELA PAULINE TIAUSAS, NEIL JOHN VILDAD, FLEURBELLINE VOCALAN

DISENYO
AARON REYES, AT ANGELA PAULINE TIAUSAS - KATUWANG NA MGA PATNUGOT, JULIUS RAY GUILLERMO, PAMELA LAO, JOHN JOSEPH SILVA, ALAWI SULARTE, EARL DANIELLE URBIZTONDO

PANDAYAN
JOMAR ALVAREZ, GABRIELLE ANNE GABATON, GENESIS GAMILONG, DANIELLE THERESE LINTAG, KIMIKO CATHERINE SY

SOCIAL MEDIA
DANNE ANGELICA BATHAN, DALE GILBERT GALINDEZ, BIANCA PAMFILO, AARON REYES, KIMIKO CATHERINE SY

PROYEKTO
DALE GILBERT GALINDEZ, IVY JESSEN GALVAN, DENISE JOSHUA NACNAC, BIANCA PAMFILO, JOHN JOSEPH SILVA, EARL DANIELLE URBIZTONDO

TAGAPAMAGITAN
BENJAMIN TOLOSA, JR.,
KAGAWARAN NG AGHAM PAMPOLITIKA

LUPON NG MGA TAGAPAYO
MARK BENEDICT LIM,
KAGAWARAN NG FILIPINO
ANNE LAN CANDELARIA,
KAGAWARAN NG AGHAM PAMPOLITIKA
MICHAEL-ALI FIGUEROA,
KAGAWARAN NG FINE ARTS
ROMMEL JOSON,
KAGAWARAN NG FINE ARTS

TOMO XLI BLG. 1

MULA SA PATNUGUTAN: BAGONG HILAGA

Tinatawag tayong itutok ang ating hilaga sa timog.

Sa tuwing binabanggit ang Mindanao, malimit na imahen ng terorismo at sagupaan ang nabubuo sa mga isipan. At dahil nanggaling sa Mindanao ang ating bagong pangulo, tila siya na ang pangunahing nagsisilbing representasyon (o maling representasyon) nito.

Ang hindi wastong representasyon na ito ang isa sa mga nagiging sanhi ng hindi maayos na pagkakaunawaan sa ating bansa. Sa ganitong paraan, sa halip na tanging lokasyon lamang ang maghiwalay sa mga pulo sa Filipinas, nagmimistulang bukod na rin ang identidad ng Mindanao mula sa Luzon at Visayas.

Tila nakabibighani ang kapitang taga-ibaba sa bansang kay tagal nang pinangungunahan ng mga taga-Norte, taga-Sentro, at taga-Gitna. Ang malaking puwang na ito ang nagbibigay-daan upang mahiwalay ang pagtingin at pagkilala sa Mindanao.

Ang distansya na rin ang nagbubuo at nagpapabigat sa mga isyu sa Mindanao sapagkat maraming kuwento ang naisasantabi. Bilang ang mga mata at tainga na handang mamulat, makinig, umunuwa, at tumugon.

Sa panahon na patuloy na nagbabago at lalong nagiging mapanghamon, mahalaga ang pagtingin sa labas ng nakagisnan. Hindi lamang nakapalibot ang mundo sa kung ano ang direktang nararanasan o ipinapakita sa atin. Maraming katotohanan ang hindi natin naaabot sapagkat 'malayo' sa atin ito. Ngunit, malayo ba talaga o pilit na inilalayo lamang?

Ang pagtutok sa Mindanao ay hindi isang pagpapasya mula lamang sa pagkakaroon ng pangulong Mindanawon ngunit isa itong pagbabayad-utang na matagal nang sinisingil. Napakalaking bahagi ng bansa ang Mindanao ngunit nananatiling nasa laylayan pa rin ito.

Sa unang regular na isyu ng Matanglawin, layunin ng publikasyon na simulan natin ang pagkilala at pagbigay-diin sa tunay na mga kaganapan at isyu sa Mindanao--isang panimula sa nagsisimulang panahon.

Bigyang-pansin ang mga kuwentong hindi natin nahahagilap dulot ng pang-aabuso ng mga makapangyarihang pilit na itinatago ito, pati ng kakulangan sa pagtingin na dapat samahan ng pag-unawa at sundan ng pakikisangkot.

Bahagi ng Filipinas ang Mindanao. Kilalahin sana ang kapuluang ito hindi lamang bilang "atin" o "sila," kundi kabilang sa "tayo" na bumubuo sa bansang patuloy na naglalayag patungo sa kapayapaan at kasaganaan.

Tungkol sa Pabalat at Disenyo

Likha nina ***Edwin Segismundo*** at ***Micah Rimando*** ang pabalat, at pagmamay-ari naman ng ***Development Bank of the Philippines*** ang mga larawan ng telang Mindanao na tampok sa isyu.

Ipinapakita ng pabalat ang mukha ni Ka Orlando na taga-Mindanao. Nakapanayam ng Matanglawin si Ka Orlando noon sa Lakbayan at ibinahagi niya ang kaniyang mga karanasan sa kamay ng mga militante sa Bukidnon. Tinatawag tayong kilalanin sila, at pakinggan ang mga kuwento at hinaing ng iba pang mga kapuwang taga-Mindanao.

Sa bawat pagbuklat ng pahina at pagbungkal sa patong-patong na mga tela, magkakaroon ng mas malalim at masinsinang pagkilala sa mga kuwento at isyu sa Mindanao, sa kabila ng mga negatibong pagtingin sa mukha nito.

TUNGUHIN NG MATANGLAWIN

Sa adhikaing ito, isinasabalikat ng Matanglawin ang mga sumusunod na sandigang simulain:

1. MAGING matapat at matapang sa paghahanap at paglalahad ng katotohanan: katotohanan lalo na ng mga walang tinig.

2. BIGYANG-DAAN ang malaya, mapanuri, at malikhaing pagtatalakayan: kabilang na ang kritisismo ng mga mag-aaral hinggil sa mga usaping pangkampus at panlipunan.

3. HUBUGIN ang mga kasapi sa pamamagitan ng pakikisalamuha sa mga tao lalo na sa mga anakpawis, pandayin sila sa masinop na pananaliksik at pagpapahayag, at hasain sa malalim na pagninilay upang maging mabisang tagapagpairal ng pagbabago ng mga di-makataru-ngang balangkas ng lipunan.

4. TUMAYO bilang isang aktibong kinatawan ng Pamantasan para sa ibang paaralan at sektor ng lipunan.

5. ITAGUYOD ang diwa at damdaming makabansa lalo na sa pagpapalaganap at pagpapayaman ng sariling wika.

6. PAIGTINGIN ang kamalayang pampolitika sa Ateneo sa paraang mapayapa subalit mapaghamon, may kiling sa mga dukha bagaman walang isang ideolohiyang ibinabandila.

7. IBATAY ang lahat ng gawain sa papasulong na pananaw ng pananampalatayang Kristiyano na sumasamba sa Diyos na gumagalaw sa kasaysayan, kumakampi sa katotohanan, at may pag-ibig na napapatupad ng katarungan.

MGA NILALAMAN

08 PAGBUBUO NG MAPAGPALAYANG IMAHE NG MINDANAO
Mary Jill Ira Banta

12 SA LIKOD NG TAMIS NG PINYA
Carl Jason Nebres

16 ANG AMPAO NG MGA BAJAO
Abegail Joy Lee

20 KASAYSAYAN AT KINABUKASAN NG MILF & MNLF
Jose Torio at Patrick Geronimo

25 SIGAW SA KANAYUNAN
Jose Medriano III at Denise Nacnac

30 ALINGAWNGAW NG KIDAPAWAN
Robbin Dagle

34 ILEGAL NA PAGTOTROSO: ANG HINDI MATAKPANG BUTAS
Pamela Anne Isip

38 MULA AT PABALIK SA MINDANAO: SI DIGONG & DUTERTE
Mary Grace Ajero

42 MGA YAKAP NG PAG-ASA MATAPOS ANG MARTSA
Gerald John Guillermo

ANG PAGSULONG SA PANAHONG "POST-TRUTH"

ni **Rambo Talabong**
Punong Patnugot '16-'17

Ayon sa mga eksperto at sa mainstream media, nananahan tayo sa post-truth na panahon. Tuluyan nang nawawala ang pagpapahalaga sa wastong impormasyon, lalo na sa politika kung saan ito dapat pinapahalagahan.

Isang mabilis at madaling solusyon ang pagbabalik ng pagpapahalaga sa katotohanan. Simplistiko ito sapagkat isa lamang itong panunumbalik sa mismong mga sitwasyong nagdala sa panahon ngayon.

Kailangan ng pagbabago, at ito, sa aking palagay, ang ating pagkakaunawa sa katotohanan.

PAGPAPAKATOTOO

Ano ang totoo? Mainam balikan kung ano ang pananaw sa "katotohanan" sa iba't ibang mga siglo at kung paano sila nagbago.

Una, hindi nagsimula ang mundo na pinapahalagahan ang datos at rason. Sa kaagahan ng sibilisasyon, nakabatay sa relihiyon at haka-haka ang karamihan ng kaalaman. Ang mga tekstong relihiyoso tulad ng Bibliya ang ginagawang batayan ng pamumuhay. Galing ang katotohanan sa Diyos at umaapaw lang ito sa mga taong pinakamalapit sa Kaniya---ang simbahan.

Nagsimula ang pagsamba sa mga datos noong Panahon ng Pagkamulat (Age of Enlightenment) kung saan binigyan ng lubos na pagpapahalaga ang rason at ebidensya sa paghahanap ng katotohanan. Dito nagsulputan ang karamihan sa agham o pagsasa-agham na pinapakinabangan hanggang ngayon tulad ng sipnayan, pisika, medisina, atbp. Ipinasa ang pagmamay-ari ng katotohanan mula sa Diyos papunta sa tao sapagkat ang tao lamang ang may kakayahan na magtaka at magpatunay.

Doon nagsimula ang pagkahumaling sa pagpapatunay at pagpapatibay. Kung hindi napatunayan, hindi totoo. Kung walang batayan mula sa eksperto, kasinungalingan. Kung ano ang totoo sa isa, totoo na rin sa lahat. Tumaliwas sa pag-iisip na ito ang mga pilosopo ng post-modernismo kung saan ipinapalagay ang agham at rason bilang mga ideolohiya na nababatay sa kulturang sumasakonteksto rito. Produkto lang umano ang katotohanan ng mga nasa taas upang ipagpatuloy ang pang-aapi sa mga tao sa ibaba.

Akmang-akma rito ang hirit ng mga tagasuporta ni Pangulong Rodrigo "Digong" Duterte. Tandaan ang kampanyang #DoNotDisruptOurGovernment kung saan pinuna ang internasyonal na media ng mga tagasuporta ng pangulo.

Kung titingnan ang bawat panahon na lumipas kasama ang kasalukuyan, makikita na hindi tama ang paggamit ng "post-truth" sapagkat madalas na nagsisinungaling ang mga tao: ginamit ng simbahan ang Diyos upang pumatay, ang mga datos ay maaaring imanipula, at maaaring ilagay ang ebidensiya sa kahit anong konteksto upang gawing propaganda.

Kung tutuusin, mas malapit na tawagin ang panahon ngayon bilang pre-truth kaysa post-truth, sapagkat hindi pa tayo nakararating sa katotohanan na makapagpapalaya sa ating mga problema.

Tila malayo pa tayo patungo roon, ngunit kailangan nating ipagpatuloy ang paghahanap sa wastong pagkakaunawa ng katotohanan at magagawa natin iyon sa pagraos mula sa kasalukuyang panahon.

KATOTOHANAN AT KATUNAYAN

Kung may itatawag sa panahon ngayon, ito ay post-fact. Hindi ito pag-iwas sa katotohanan (truth), kundi sa pamamaraan ng pagpapakita o pagmamanipula nito sa pamamagitan ng katunayan (facts).

Base sa pagmamasid, kalimitan ngayon na ang saligan ng katotohanan ang sariling karanasan, at batayan ng paniniwala ang kutob at damdamin. Lumalala ito dahil sa tambalang katiwalian at kahirapan na nagbibigay ng pangmatagalang estado ng pagdadalamhati sa bansa. Nagtutulak ito na bumitaw sa mga katunayan na hatid ng mga institusyon tulad ng media at ng gobyerno. Ngunit, bagaman halos wala nang pagpapahalaga sa katotohanan sa mga panahong ito, hindi nangangahulugang wala nang espasyo para sa diskurso.

Una, kailangan nating mag-ingat sa impormasyon. Lunod na tayo rito at hindi pa nabibigyan ng pagkakataon na isa-isahin nang malaman ang katotohanang dala ng bawat piraso. Malamang mas makahahanap ng katotohanan sa artikulo ng isang kagalang-galang na publikasyon kaysa mga "meme" na pinapakalat lamang upang magdala ng katatawanan sa politika.

Kasama na rin ang pag-iisip nang mabuti ukol sa ating nararamdaman bago sumabak sa social media. Maraming dalang pagsisisi ang paglabas at paghawak ng impormasyon habang nakararamdam ng galit.

Ikalawa, kailangan nating tandaan kung ano ang ating pinapahalagahan. Ito ang ating mga prinsipyo na nagbibigay-gabay sa atin ng paghahanap at pagbabahagi ng katotohanan.

Post-fact na ang panahon, ngunit hindi nangangahulugang post na rin tayo sa moralidad, pagkakaunawa, at pakikipagkapwa-tao. Itong mga prinsipyong ay ginagawang kongkreto ng pagpapahalaga sa karapatang pantao, pag-aalaga sa kalikasan, at pagkakaroon ng demokratikong pamamahala.

Isa pang gabay sa paghahanap ng katotohanan ang kasaysayan. Ito ang libo-libong taon na mapa ng buong sangkatauhan at ang paghahanap natin sa katotohanan. Kailangan nating balik-balikan ang mga nakaraang pagsubok sapagkat maaaring inuulit lamang natin ito ngayon.

Sa pamamagitan ng patuloy na pagiging malay ukol sa panahon ng impormasyon at hindi wastong impormasyon, tayo nawa'y makalampas sa panahon na ito tungo sa susunod. Bagaman hindi pa natin mahahanap kaagad ang katotohanan, alam nating mas lumapit tayo rito.

HIGIT PA

ni **Jonnel Inojosa**
Tagapamahala ng Pandayan '15-'16

Mapanghamon ang ating panahon. Lalo ngayong humigit isang daang araw na ang panunungkulan ng bagong pamunuan. Inari na nating kakambal ng pinangakong pagbabago ang karahasan. Sa loob lamang ng ilang buwan: napalaya ang dating mandarayang pangulo; inilibing bilang bayani ang isang dating diktador; inihambing ang kampanya kontra-droga sa digmaan ng ubusang-lahi; pinag-isahan at nilapastangan ang isang opisyal sa bisa ng kanyang pagkababae; pilit pa ring hinuhubaran ng dangal ang mga sugo ng katotohonan, sa hukuman, batasan, o bawat magtangkang magsalita't lumaban; bawat dayuhang mangingialam, inuuyam at sinusumpa; at nagsakatawang-tao ang katutubong kasabihan sa isang pinunong "walang isang salita.

Hindi maikakailang mas malakas ngayon ang panawagang maging mapagmatyag at mapangilatis. Nabubuhay nga naman kasi tayo sa panahong hindi na maaaring magmintis. Maaari nang makisangkot ang taumbayan sa kanyang pamahalaan nang walang kahingian kundi internet. Sa tulong ng social media, mas nagiging demokratiko na ang diskurso. Wala nang balakid sa paglabas ng saloobin maging sa pagsuporta man o pagtuligsa.

Sa isang banda, mainam ang midyum na ito sapagkat mas maraming tao na ang nabibigyang boses at pagkakataong ipaglaban ang kanilang paniniwala. Sa kabilang dako, sa pamamagitan din nito, lumawak ang larang ng digmaan sa pagitan ng sang-ayon at salungat. Lumalim ang hidwaan sa pagitan ng dalawang kupunan habang nagsisisihan. Dumating na sa puntong nagbabastusan at inuuri ng bawat panig ang isa't isa na mga hunghang.

Sa iringang ito, lumilitaw na mas pinalalala natin ang dalawang nagtatagisang panig sa lipunan. Tagisan umano ito ng dilaw at pula. Subalit mas angkop na sabihing tagisan ng "tayo" laban sa "kanila". Habang lumalawig ang panawagan sa pagtugon sa karapatang pantao, nagmumukhang lumalayo ang usapan sa isyu ng katarungan at bagkus, nanunuot sa tagisan ng antas sa lipunan, paniniwala at alyansang kinabibilangan. Kung kaya't magiliw na kinakasangkapan ng mga nasa kapangyarihan ang tagisang ito upang hubaran ng bisa ang ating mga salita.

Isang halimbawa. Kamakailan lamang, kapwa naglabas ng pahayag ang pamunuan ng dalawa sa pinakaprestihiyosong pamantasan sa bansa: ang Ateneo de Manila at De la Salle. Inaanyayahan nila ang mga mag-aaral at alumni na manonood ng laro ng basketbol ng dalawang kupunan na magsuot ng itim. Ayon sa kanila, bilang pakikiisa ito sa panawagan laban sa extrajudicial killings. Isa ito sa pinakamainit na isyung kinakaharap ng kasalukuyang administrasyon sa kanilang kampanya laban sa droga.

Matapos ang pahayag, lumabas din ang kani-kaniyang mga opinyon mula sa mga miyembro ng komunidad ng dalawang pamantasan ukol sa panawagan. Maraming umangal at nagsabing hindi rapat mangialam o sumawsaw ang dalawang pamantasan sa usaping pampulitika gayong basketball naman at hindi rally ang kanilang pupuntahan. Marami ring nadismaya sa umano'y pagkiling ng pamunuan ng Ateneo at La Salle laban sa administrasyon. Anila, hindi rapat napaghahalo ang sports at pulitika.

Kakaiba ang naging tugon ng Palasyo ukol sa pahayag. Aniya, huwag daw mahiyang ilabas ang saloobin ukol sa isyu ng bayan. Subalit hinihikayat nito ang lahat ng kasapi ng dalawang pamantasan na sikaping itawid ang pagpapala ng kanilang pinag-aralan sa pagtulong sa gobyernong mapanibago ang buhay ng mga kapus-palad sa lipunan .

Hindi na nakagugulat na maraming nainsulto. Lumabas ang mga pahayag na nagpapatunay ng pakikisangkot, pagtulong at pagiging bukas-palad ng dalawang komunidad, lalo na ng Ateneo. May mga nag-isa-isa pa ng mga programa ng kani-kaniyang pamantasan at pinatunayang hindi tayo elitista. Subalit para saan? Hindi utang-na-loob ng ating mga kababayan ang pagbigay natin ng tulong. Wala naman tayong kailangang patunayan. Huwag tayong papatol sa mga nagsasabi sa ating hindi tayo tumutulong. Alam na nating mali iyon. Huwag na nating ipagduldulan ang ating mga nagawa. Lalo na sa mismong mga taong sinisikap nating tulungan.
Hindi na bagong pagbintangan tayong elitista at bansagan pa ngang mga "tuta ng dilaw" o panatiko ng nakaraang administrasyon. Maaaring totoo. Maaaring hindi. Sa likod ng lahat ng mga nagaganap na bintangan, nakalatag sa ating harapan ang mabigat na hamon. Hindi ang pabulaanan ang mga nasabi na, kung hindi ang maging malay sa ating pakikitagpo sa mga kapatid nating nasa ibaba ng burol.

Ano nga naman kasi ang ating magagawa kung pagbintangan tayong elitista? Nakatutulong ba ang mambintang sa iba na tanga? Nakatutulong ba na tawaging tarantado ang nananatiling umaasa kahit pa ito'y sa huwad na larawan ng pagbabago? Ayos lang sana kung nakatuon ito sa may hawak mismo ng kapangyarihan. Karapatan at masasabi pa ngang obligasyon natin bilang mamamayan ang magreklamo. Subalit ang pahiyain ang karamihan sa ating kababayan sa kanilang desisyon at disposisyon? Alalahanin muli kung sino ang kalaban.

Hindi na sapat na ang pagpansin ng mali sa lohika, pagbibigay-bansag o insulto, pagpipindot ng 'unfriend' o 'unfollow,' at pagpapatunay na walang pinag-aralan ang patuloy na nananampalataya. Hindi man natin pansin o ayaw man nating tanggapin, may tiyak na kontekstong pinanggagalingan ang ilan sa ating mga kababayan. May sariling mundo ng kahulugan, hindi man hayag o madaling unawaan. Kung mauunawaan man, ayaw lamang panigan o pakinggan.

May pinanggagalingan ang lahat ng kanilang mga pasaring sa ating nasa tuktok ng burol. Higit sa galit, hinanakit. Higit sa panunumbat, bigat ng pasanin sa buhay. Higit sa kalabisan ng mura at insulto, kakulangan sa mga payak na pangangailangan tulad ng pagkain, trabaho, at kaligtasan sa peligro. Higit sa lahat, kakapusan. Bawat higit sa bulsa, kulang. Araw-araw na binubuhay sa higit kumulang.

Hindi nagwawakas ang laban sa pagpapatunay na tayo ang nasa tamang panig ng kasaysayan. Sa halip na pagtukoy sa mga butas sa argumento at puwang sa kaalaman sa kasaysayan, pakikitagpo. Higit pang pakikisangkot at pag-unawa. Higit pang pagpanaog mula sa burol. Higit pa. Hangga't mapanghamon ang ating panahon.

PAGBUBUO NG MAPAGPALAYANG IMAHE NG MINDANAO

Paglikha ng mapagpalayang pagsasalarawan sa tunay na kalagayan ng Mindanao

sulat ni **MARY JILL IRA BANTA**
sining ni **RICHARD MERCADO**
lapat ni **PAMELA LAO**

Sa tuwing pinag-uusapan ang Mindanao, madalas na ikinakabit dito ang imahe ng gulo, karahasan, at kahirapan. Ang pagtingin na ito ay may historikal na ugat. Ayon kay Kenette Jean Milliondaga, guro ng Mindanao Studies ng Unibersidad ng Pilipinas - Mindanao, sa mga unang sulatin pa lang, madalas nang ginagamit ang mga pang-uring "backward," "wild," at "savage" upang ilarawan ang mga mamamayan ng Mindanao, buhat na rin ng dala-dalang etnosentrikong ingklinasyon ng mga misyonaryo, antropolohista, militar at politikong manunupil. Kung kaya't sa halip na maging indikasyon ng organisado at matatag na kilusan laban sa kolonisasyon ang mga Sultanato ng Mindanao at ng mga Lumad, naging indikasyon ito ng pagiging barbariko.

Nananatili ang ganitong imahe sa kasalukuyan dahil na rin sa iba't ibang makapangyarihang apparatus na nagpapalaganap ng hindi makatarungang pagtingin sa kasaysayan ng Mindanao. Ayon kay Fr. Albert Alejo, SJ, isang antropolohista, posibleng may bahid ng katotohanan ang ilang bahagi ng mga negatibong pagtingin. Kung titingnan ang Economic Density Map ng Bangkong Pandaigdian (World Bank), karamihan ng probinsyang mahihirap ay matatagpuan sa Mindanao. Kasalukuyan ding hinaharap ng pulo ang krisis ng usaping pangkapayapaan, dahil na rin sa magkakasalungat na mga paniniwala at kultura. Subalit hindi nakatutulong ang mga paglalarawang ginagamit sa pagtatangkang magbigay-linaw sa karanasan ng mga taga-Mindanao.

"Halimbawa, [sa balita] sasabihing 'Muslim kidnaper.' Sa Manila, halos lahat ng mga kidnaper ay mga Katoliko. Hindi naman sinasabing 'the police caught Catholic kidnappers.' Hindi nakatutulong yung ganoong klaseng diskurso at paglalarawan sa iba't ibang anyo ng komunikasyon. Sa isang poster na nabili ko sa National Bookstore tungkol sa mga pambansang sagisag, nakalagay doon na ang pambansang pagkain ay lechon. Noong nakita iyon ng mga Muslim, tinanong nila, 'Ba't ganyan? Binubuo mo yung bansa mo, ngunit hindi pala kami kasali diyan. Kapag hihiwalay kami, ayaw niyo naman?'" pahayag ni Alejo.

EPEKTO NG MAPAGSANTABING PAGTINGIN SA MGA MAMAMAYAN

Pinakaapektado rito ang mga mamamayan ng Mindanao. Ayon kay Milliondaga, hindi lamang limitado sa personal na karanasan ng mamamayan ng Mindanao ang epekto ng mapagsantabing pagtingin sa Mindanao. Sa lebel ng polisiya, nananatiling supil ang mga mamamayan sapagkat kulang sa pag-intindi at pagkilala sa mga ugat ng problema ng pulo ang mga mambabatas at opisyales ng pamahalaan.

"[SA BALITA] SASABIHING 'MUSLIM KIDNAPER.' SA MANILA, HALOS LAHAT NG MGA KIDNAPER AY MGA KATOLIKO. HINDI NAMAN SINASABING 'THE POLICE CAUGHT CATHOLIC KIDNAPPERS.'

-FR. ALBERT ALEJO, SJ
LOYOLA SCHOOL OF THEOLOGY

"Kung matatandaan, ang resettlement programs sa Mindanao na nag-anyaya ng mga pesante at dayuhan mula Luzon at Visayas na dahan-dahang umukopa ng karamihan sa lupain sa Mindanao ang siyang nagpaalis din sa mga Moro at Lumad. Matatandaan na idineklara ni Pang. Estrada ang all-out-war na sinasabing susupil sa terrorismo sa Mindanao, ngunit inasinta rin nito ang mga komunidad na sibilyan. For several years, government policies in Mindanao remained destructive and encroaching. Kahit na nananatiling magulo ang imahe ng Mindanao sa publiko, palaki at palaki naman ang mga kumpanyang minahan sa rehiyon," pahayag ni Milliondaga.

Ginagamit ang ganitong imahe sa pagpatuloy na pagsamantala ng mga kapitalista sa kayamanan ng Mindanao. Kasabay nito, nananatiling kakaunti pa rin ang social services sa Mindanao at kung mayroon man, hindi binibigay upang maging malaya at makapagsarili ang mga mamamayan kung 'di upang manatili silang umaasa sa mga binibigay na serbisyo.


"Dahil sa hindi malalim na pagtanaw sa mga problema, tinitipid ang badyet sa Mindanao. Hindi tama yung alokasyon. Ang kinukuha sa Mindanao ay mga hilaw na kasangkapan. Sana linangin at palakasain ang industriyalisasyon doon. Biro mo, kukunin doon ay bundok-bundok ng mineral tapos martilyo lang mag-iimport ka pa sa Taiwan? May hindi pagtutugma sa paghakot ng mga yamang likas at pagbuo ng mga produkto," dagdag ni Alejo.


MAPAGPALAYANG PAGTINGIN SA MINDANAO

Kung ganoon, paano ba ang isang mapagpalayang pagtingin sa Mindanao? Para kay Alejo, dapat balanse ang pagbabalita ukol sa Mindanao.

"Kung sinabi mong may giyera, dapat ilista din natin yung napakaraming pagkakataong may agreement. May mga away pero dapat bigyan din natin ng atensyon ang pagkakasundo. Kung titingnan natin, ang yaman-yaman ng kultura. Yung cultural diversity at biodiversity ay siksikan 'dun sa Mindanao. Sana ipakita din natin ang Mindanao bilang makulay, masigla, puno ng mga bayani, ng kagitingan, ng ibang musika, sining. Meron ding mga siyentipiko diyan, hindi lang na-highlight," pahayag ni Alejo.

Ang hamon ngayon para sa media: itampok din ang mga atleta, siyentipiko, pintor, at mga manlilikhang galing din sa Mindanao. Para naman sa pamahalaan, bigyan din sana nito ng mas maraming pagkakataon upang payamanin at itampok ang sining, kultura, at agham ng





mga mamamayan ng Mindanao. Tanong ni Alejo, "bakit pag sa abroad, kapag sinabing kultura ng Pilipinas, itatanghal mo yung sa Mindanao pero pagdating dito, minamaliit mo?"

PANGANIB NG MALING REPRESENTASYON

Ngunit kailangang mag-ingat sa maling representasyon ng Mindanao bilang isang makulay at payapang pulo. Hindi sang-ayon si Andrea Malaya Ragragio, kawaning propesor ng Kagawaran ng Agham Panlipunan ng Unibersidad ng Pilipinas - Mindanao, sa panakip-butas na pagpapakilala ng isang magandang Mindanao – halimbawa sa pamamagitan ng mga pista, lalo na iyong mga iniisponsor ng pamahalaan.

"May ibang dinamikong politikal ang mga iyan, maliban sa mga katanungan tungkol sa representasyon at appropriation. Mas maigi sigurong palakasin ang tunay na serbisyong gobyerno sa mga lugar na ito at suportahan ang peace talks para matalakay talaga ang ugat ng hindi pagkakasundo at ang kanilang mga pangmatagalang solusyon. Kapag ito'y nagawa, ang principled conflict ay lalagos sa isang mas makabuluhang mga direksyon. Kumbaga, ito'y mga kaledad na hindi na lamang napapatingkad tuwing may labanan o kontradiksyon, ngunit pati na rin sa panahon ng kapayapaan."

HAKBANG TUNGO SA MAS MAPAGPALAYANG IMAHE NG MINDANAO

May ilang hakbang upang ipakilala ang Mindanao sa isang mas makatotohanan at mas mapagpalayang paraan. Bumubuo ngayon sina Alejo at ang kanyang mga kasamahan ng Mindanao History Timeline Infographics na magtatampok ng kasaysayan ng politika, ekonomiya, kultura, ekolohiya, at agham ng Mindanao sa isang apat na metro ng tarpaulin na ipapaskil sa mga silid-aralan sa buong Pilipinas.

Para kay Alejo, bagaman hindi kayang ilagay ang lahat ng impormasyon tungkol sa Mindanao, ang mahalaga ay magkaroon ng pangkalahatang larawan sa kasaysayan ng Mindanao.

"Sa ngayon, maraming hindi nakakaalam na nauna ang balangay kaysa Galleon trade. Kailan pumasok ang Islam? Kailan dumating ang Kristiyano? Kailan nagkaroon ng mga unibersidad? Dapat yung scientists at artists, kasali sila sa history. Hindi yung kapag sinabing Mindanao, parating MILF at Abu Sayyaf lang ang pinag-uusapan."

Layunin ng Mindanao History Timeline Infographics na pahabain ang kamalayan ng mga mag-aaral at palawakin ang kanilang larawan ukol sa kasaysayan.

> **"DAPAT PATALASIN PA NG PUBLIKO ANG PAG-UNAWA AT PAGKILALA SA CULTURAL DIVERSITY… SA KUNG PAANO TALAGA ITO NAKAKAAPEKTO SA ATING INDIBIDWAL AT KOLEKTIBONG PAMUMUHAY."**
>
> **-ANDREA MALAYA RAGRAGIO**
> **UP MINDANAO**

"Kapag pinahaba natin ang ating kamalayan, makikita mo na meron na palang gobyerno sa Mindanao bago dumating ang Espanyol. Kapag pinahaba mo pa, meron pang mga Lumad, meron pang mga tribo, bago pa dumating ang Islam. Visually, uunatin mo yung kamalayan para magkasya yung ibang sanaysay."

May kasamang digital animation at manwal para sa mga guro ang infographics. Layunin din nitong ipasok ang lokal na kasaysayan habang pinag-uusapan ang kabuuang kasaysayan ng Mindanao. Magagamit ito sa susunod na pasukan sa buong bansa. Hindi ito kapalit ng aklat-aralin ngunit makakatulong itong tumbukin ang imahinasyon ng kabataang Pilipino.

Nakatutulong din ang pagkakaroon ng kursong nagtatalakay sa mga pag-aaral sa Mindanao. Ayon kay Milliondaga:

"Bilang nasa akademya at nagtuturo, nabibigyan kami ng panahon at pagkakataon na magturo ng kasaysayan at kultura ng mga mamamayang Mindanao (lalo na sa general education subject na Mindanao Studies) at mabigyan ng panahon na pag-aralan ang mga naisulat sa Mindanao mula sa mga panulat ng kolonisador, dayuhang iskolar at mga iskolar at istoryador ng Mindanao. Sa personal na karanasan ng pagtuturo ng Mindanao Studies, sa simula ng semester, halos wala o minimal ang alam ng mga mag-aaral sa kasaysayan at kultura ng Mindanao. Sa ngayon, masaya at buhay na buhay ang diskusyon sa akademya sa larangan ng Mindanao Studies dahil sa mga dahan-dahang naisulat na mga artikulo at libro, mga pelikula tungkol sa Mindanao."

Subalit nananatiling limitado ang epekto nito. Hiling ni Milliondaga, sana mabigyan din ng espasyo ang kasaysayan at kalagayan ng Mindanao sa mababa at mataas na paaralan upang maiwasto ang imahen ng Mindanao.

Mungkahi rin ni Ragragio, dapat patalasin pa ng publiko hindi lamang ang kanilang kasanayan sa araling panlipunan, kung hindi maging ang kanilang kasanayan sa antropolohiya, o ang "pag-unawa at pagkilala sa cultural diversity, hindi sa lebel ng song-and-dance, ngunit sa kung paano talaga ito nakakaapekto sa ating indibidwal at kolektibong pamumuhay."

Sa huli, makakamit ang mapagpalayang pagsasalarawan at pagtampok ng Mindanao sa media, pelikula, balita, at iba pa kung mabibigyan ng pagkakataon ang mga mamamayan ng Mindanao na maisalarawan ang rehiyon sa iba't ibang anyo ng komunikasyon. Higit sa lahat, makakamit ang ganitong malayang pagsasalarawan kung mabibigyan ng espasyo ang mismong mga Mindanawon na magsalita ukol sa kanilang tunay na kalagayan.

SA LIKOD NG TAMIS NG PINYA: KARAHASAN SA MGA TANIMAN NG MINDANAO

Sa ilalim ng yaman ng Mindanao nakabaon ang nakapanlulumong kuwento ng pang-aabuso sa ating mga magsasaka - na isinakatuparan para lamang sa ngalan ng kita.

sulat ni **CARL JASON NEBRES**
sining ni **ANGELA PAULINE TIUAUSAS**
lapat ni **AARON LEMUEL REYES**

Mayaman sa matatabang lupa ang Mindanao, samahan pa ng mainam na klima at katamtamang ulan sa buong taon. Hindi maikakailang sa mismong mga lupa nito tumutubo ang ilan sa mga hiyas ng bansa, mula sa mga produktong agrikultural hanggang sa mga hilaw na materyales na ginagamit ng mga industriya. Nariyan ang naglalakihang taniman ng mga pinya at saging na ilan sa pangunahing prutas na inaani sa Mindanao. Kabilang din sa mahahalagang produktong iniluluwal ang mga goma mula sa malalawak na taniman ng rubber trees at ang industriya ng palm oil farming.

Kasabay ng paglago ng mga yamang ito, umusbong din ng ang isang mahalaga ngunit naisasantabing isyu ng mga taga-Mindanao – ang pang-aapi sa mga magsasaka. Sa loob ng ilang taon, iba't ibang anyo ng pangingikil ang natamo nila sa Mindanao mula sa mga higanteng transnasyonal na korporasyong patuloy na nagpapalawak ng kanilang mga lupang sinasaka. Ang problemang ito, tulad ng marami pang isyung pumupugad sa lipunang Pilipino, ay may malalim na kaugnayan sa ating nagdaan.

NANG DAHIL SA CARP

Sa kasalukuyang tala, 12 porsyento ng mga lupang taniman o agricultural lands sa Mindanao ay nasa pribadong pagmamay-ari ng mga transnasyonal na korporasyon. 40 porsyento rito ay tinamnan ng punong goma, 30 porsyento naman ang natatamnan ng pinya at saging, samantalang 10 porsyento ng mga lupain ang nagagamit ng industriya ng palm oil. Sa kasalukuya'y isinusulong ng mga producer ang higit pang pagpapalawak sa mga lupang tatamnan ng kanilang mga produkto.

Lumalabas sa mga pag-aaral na iba't ibang uri ng panlilinlang at karahasan ang inabot ng mga magsasaka mula sa kamay ng mga korporasyong ito. Bagaman kung iisipin, hindi dapat humantong sa ganitong pangyayari dahil buhat ng ipatupad ang Comprehensive Agrarian Reform Program sa panahon ng administrasyong Aquino, ang mga pribadong lupang nailipat na sa maliliit na magsasaka ay kanilang tunay at legal na pagmamay-ari. Subalit, maraming butas at lusot ang CARP na naging daan ng mga korporasyon, at ng mga kasabwat nitong panginoong maylupa, upang mangamkam ng lupa mula sa mga magsasaka.

Halimbawa, taong 2008, naging maugong ang isyu ng Dole Philippines sa mga taniman nito sa Bukidnon. Ang mga lupang sakop ng Dole ay naipamahagi na sa mga magsasaka nito maging ang mga lupang inaangkin ng ilang mga indibidwal buhat pa man ang pamumuhunan nito noong 1960s. Subalit, sa halip na ibigay sa mga magsasaka ang titulo ng lupa, obligado silang lumahok sa isang "labor cooperative" na nagpapangako sa kanilang pagmamay-ari sa lupa.

> "GUMAGAMIT SILA NG DAHAS. PINAPASISTA NILA ANG MGA MAGSASAKA AT MGA LIDER. SAPILITANG PINAALIS. TINATAKOT. TINETERORIZE, IKA NGA,"
>
> -MAE ESPADA

Sa unang tingin, tila hawak ng mga magsasaka ang kooperatiba ngunit nasasakal ng mga korporasyong ito ang buong proseso ng organisasyon. Naging lunsaran ito ng isang tinatawag na "lease-back arrangement," kung saan hinihikayat ng mga magsasakang miyembro ng kooperatiba na ipaupa ang kanilang mga lupa sa isang halagang pinag-usapan nila at ng korporasyong aarkila nito. Sa una, maganda ang presyong napag-usapan ngunit paunti-unti itong pinapababa ng korporasyon. Mula sa 13,000 piso kada ektarya kada taong usapan, bumaba ito sa 3,200 piso na hindi rin binabayaran nang buo ng Dole.

PANLILINLANG AT KARAHASAN

Sapilitan din ang pagkamkam sa mga lupa ng mga magsasaka mula sa mapanlinlang hanggang sa marahas na pamamaraan. "Sila ay pwersahang pinapapirma sa mga dokumentong legal na nagdedeklarang nagbibigay-pahintulot sila sa mga naglalakihang kumpanya na gamitin ang kanilang lupain para gawing taniman," ani ni Noreen Sapalo, kasalukuyang tagapagsalita ngKalipunan ng mga Katutubong Mamamayan ng Pilipinas (KATRIBU), isang organisasyong nakatuon sa pagbibigay-tinig sa isyu ng mga katutubong mamamayan sa Pilipinas.

Sinasamantala ng mga kumpanya ang katotohanang karamihan sa mga magsasaka sa Mindanao ay hindi nakapag-aral at walang akses sa eduksyon. Animo'y papipirmahin ng isang doku mentong diumano'y makapagpapabilis daw ng kanilang pagmamay-ari sa lupa ngunit huwad naman pala. Dagdag pa ni Sapalo, "Ito ay porma ng deception, dahil hindi naman ine-explain ang legal jargons sa kanila."

Sa kasalukuyan, pati pang-aabuso at karahasan ay kinakasangkapan ng mga ito sa ngalan ng kita. Sa nakaraang Manilakbayan 2014 at 2015, namutawi ang samu't saring kuwento ng pang-aabuso at karahasan sa mga magsasaka at mga katutubo mula sa kamay ng mga naglalakihang korporasyon. Hindi na natinag sa panlilinlang, at ngayo'y kinasangkapan pa ang dahas upang mangamkam ng lupa.

Malaki ang sabwatan sa pagitan ng mga transnasyonal na korporasyon at mga paramilitary groups sa Mindanao. "Gumagamit sila ng dahas. Pinapasista nila ang mga magsasaka at mga lider. Sapilitang pinaaalis. Tinatakot. Tineterorize, ika nga," pahayag ni Mae Espada, miyembro ng Alay Sining, isang cultural mass organization sa Unibersidad ng Pilipinas - Diliman.



Sa tulong ng bala't baril, namumuo sa isip ng mga magsasaka at mga katutubo ang takot at pangamba na abusuhin at patayin ng mga ito. Paramilitar din ang may pakana ng malawakang arson ng mga kabahayan, klinika at kolektibong taniman sa komunidad ng mga magsasaka, maging ang marahas na pag-atake sa mga pampublikong paaralan ng mga armadong grupo.

Higit pang nakababahala ang mismong pagkitil sa buhay ng mga magsasaka at katutubo. "Dumating na rin sa puntong kungsino man ang manlaban ay papatayin, pati ang mga eskwelahan ay sinusunog at ang mga guro ay pinapatay ng militar at mga paramilitary," paglalarawan ni Espada sa naganap na extrajudicial killings 'di lamang ng mga lider ng komunidad ng magsasaka at katutubo kundi maging mga guro at mga indigenous people activists na nagtutungo sa Mindanao.

Nakababalisa rin na ang naturang paramilitary groups ay sinusuportahan ng hukbong sandatahan upang ipaglaban ang interes ng mga naglalakihang korporasyong nakiki-ugnay sa kanila. Ayon mismo sa kuwento ng mga lider ng Lumad communities sa nakaraang Manilakbayan, totoong ang sandatahang lakas ang nagbibigay-armas at nag-uutos sa mga paramilitary groups na ito.

May papel din ang mga lokal na pamahalaan sa mga gawaing ito. Aniya Sapalo, "maski ang governor ng Surigao del Sur na si [Gov. Johnny] Pimentel ay aminado sa involvement nila." Sa halip na pangalagaan ang karapatan at kaligtasan ng mga katutubong Lumad at mga magsasaka, ang pamahalaan ang nagiging susi upang higit na mapaigting ang mga pang-aabusong ito.

TUNAY NA REPORMA SA LUPA

"Ang pagsulong ng tunay na reporma sa lupa at pambansang industriyalisasyon sa balangkas ng makabayang ekonomiya na hindi umaasa sa kahit anong bansa, " ito ang nakikitang solusyon ni Sapalo upang tuluyang matigil ang pangingikil sa mga magsasakang maylupa. Isang tunay na reporma sa lupa na papatid sa tanikalang matagal nang sumasakal sa mga magsasaka.

Isang tunay na reporma sa lupa na nilikha para sa kabuuang interes ng mga magsasaka at hindi ng iilan. Isang tunay na repormang agraryo na may tuwid at malinaw na paraan ng pamamahagi ng mga lupa at may pangil at mahigpit na implementasyon sa mga napasasailalim nito. Walang pekeng kontrata, walang huwad na kooperatiba, walang stock certificates, kundi tanging titulo ng lupang ipinamahagi sa kanila ang dapat tiyak na ibigay ng pamahalaan.

> "HINDI HOPELESS CASE ANG PILIPINAS, MAY PAG-ASA NA MATATAGPUAN SA SAMA-SAMANG PAGKILOS NG KABATAAN, KASAMA ANG MALAWAK NA HANAY NG MAMAMAYAN."
>
> -NOREEN SAPALO, KATRIBU

Magsilbi ring kalasag ng mga magsasaka mula sa mga korporasyon at armadong galamay nito, ang tunay na reporma sa lupa upang mabigyang proteksyon ang karapatan at kaligtasan ng mga magsasaka sa kanilang lupang taniman. Matitiyak ng isang eksklusibong ekonomiyang nakaangkla sa pambansang industriyalisasyon ang kabuhayan ng mga magsasaka, malayo at ligtas sa mapaniil na agenda ng mga kumpanya.

PAG-ASA AT HAMON SA MAYNILA

Bagaman naging mahina ang tugon ng pamahalaan sa isyung ito, nananatiling positibo ang marami na mabigyang solusyon ito. "May mga mambabatas na nagsusulong ng genuine agrarian reform, at maganda 'yon," ani Espada bilang tanda ng magandang pangitain sa isang mainam na repormang agraryo.

Isang positibong hamon naman sa bagong administrasyon ang iniwan ni Sapalo, "marami pang puwedeng magawa ang administrasyon ni Pangulong Duterte tulad ng pagtiyak na sumusunod ang AFP sa ceasefire declaration niya, at ang pag pull-out ng troops sa mga lupang ninuno, at komunidad ng mga katutubo."

Walang kinikilalang distansya ang isyu ng karahasan at paniniil sa mga magsasaka at katutubo. Bilang isang bayan, mahalagang isipin na lahat tayo, dugo't laman, ay iisa. Lahat tayo, Pilipino. Nakaatang sa atin ang isang mahalagang tungkuling tumayo sa isa't isa, at sa pagkakataong ito, ang tumindig sa tabi ng ating mga magsasaka. "Tayo ay may moral at social responsibility na ikalat ang mga ganitong balita sa kapuwa nating mga Manilenyo. Kailangan ay patuloy tayong magmulat at mag-organisa ng mga kababayan natin," ani Sapalo.

Sa ganitong paraan nagiging epektibo ang teknolohiya; halimbawa ang pagpost ng mga makabuluhang komento at pahayag sa social media upang makapagpamulat ng kapwa at lumikha ng malalim na diskurso lalo na sa pamahalaan. "Hindi hopeless case ang Pilipinas, may pag-asa na matatagpuan sa sama-samang pagkilos ng kabataan, kasama ang malawak na hanay ng mamamayan," dagdag pa ni Sapalo.

Umaabot sa ating lahat ang mga biyayang iniluluwal ng Mindanao. Mula sa hapag-kainan hanggang sa kalsada, pasan ng Mindanao – ng mga magsasakang buong-pusong naglilinang sa yaman ng isla, ang buong Filipinas. Sa panahong sinusubok at humihikbi na ito, tayo naman ang may pagkakataong abutin ito at tiyakin na buhay ang biyaya ng lupang pangako.

ANG AMPAO NG MGA BAJAO

Pagkilala sa Kalagayan ng mga Bajao sa Lungsod

sulat ni **ABEGAIL JOY LEE**
sining ni **ROSALAINE PESARIT**
lapat ni **JULIUS RAY GUILLERMO**

Kasabay ng pagdagsa ng mga pasahero sa sakayan ng dyip sa kahabaan ng Katipunan tuwing hapon, sumusulpot ang ilang mga batang masisiglang lumilibot sa lansangan. Ang ilan sa kanila'y may nakasabit na lata sa baywang, at mayroong dalagitang karga ang batang mukhang maliit sa kaniyang edad. Naroon lamang sila, palaboy-laboy sa daan at madalas sumasabit sa mga nagdaraang dyip. Taguri sa kanila ng mga *barker*—mga taong Bajau. Silang mga mula sa tribong Bajau na namumuhay sa dagat at tila nangangapa at walang kasanayan sa buhay-lungsod. Iniiwan nilang nakatihaya ang mga bangka sa malaparaisong dagat ng Mindanao at sa maraming pagkakataon ay inilalatag ang kanilang mga palad sa harapan ng mga taong-lungsod gayong mapayapa sana silang namumuhay sa karagatan.

Marahil hindi na bago ang imaheng ito. Sa gitna ng siksikang espasyong pampubliko kung saan abala ang bawat isa, may nakatatawag ng ating pansin dulot ng kanilang kilos o kasuotan. Minsan pa nga'y nagpapanggap lamang tayong hindi nakapapansin habang nariyan sila sa harapan. Nagpaparamdam ang mga batang kumakanta habang nagtatambol sa harapan ng mga pasahero, umaasang makapapangalap ng kaunting barya gamit ang sobre o ampao na may nakasulat na *"Magandang araw po mga ate at kuya kame po ay mga bajau na nangaling sa mindanao nawalan po kame ng hanapbuhay at bangka at nanghihingi po kame ng konting tulong para matulungan kameng bumalik sa aming pinangalingan maraming salamat po pagpalain cayo ng Diyos."*

SINO-SINO ANG MGA BAJAU?

Isa sila sa mga bukod-tanging pangkat etnolingguwistiko sa Filipinas dahil iba ang kanilang tirahan mula sa karamihang sa kabundukan o lupain namamalagi. Kasalukuyang may 900,098 na mga Maharlikang Samabajau *tribe*, o mga Bajau, sa buong Filipinas. Ipinaliwanag ni Datu Hussayin A. Arpa, ang *tribal chieftain* ng mga Samabajau at pangulo ng Samabajau Philippines, na kung babalikan ang kasaysayan, naninirahan ang mga Bajau sa malawak na dagat ng Sulu Archipelago, Moro Gulf, Celebes Sea, Bajo de Masinlok, at maging sa ilang bahagi ng karagatan ng Malaysia at Brunei. May ilang nakatira malapit sa dagat ng Samar at Leyte, pati na rin sa Tubbataha Reef, o long dry seashore kung tawagin nilang mga Samabajau. Ang mga lugar na nabanggit ay itinuturing na "ancestral domain" ng mga maharlikang Samabajau. Naroon namamalagi ang kani-kanilang mga bangkang tinitirhan at pinagkukunan ng kabuhayan. Paglilinaw ng datu, 'Samabajau' o 'Bajau' ang wastong pagbaybay ng pangalan ng kanilang tribo at hindi ang nakasanayan na pagbaybay na 'Badjao'.

"KAILANGAN NATING BUMABA SA KUNG NASAAN SILA AT MADINIG ANG KUWENTO NG KANILANG KULTURA AT KARANASAN."

-FERIC GAUIS GALVEZ, ADMU

Ipinakikilala ng Pambansang Komisyon para sa Kultura at mga Sining (NCCA) bilang "friendly sea dwelling people who were believed to have originated from Northern Borneo" ang mga Bajau, ngunit bakit marami sa kanila ang nagkalat sa mga lansangan ng lungsod? Naka-ugat ito sa malalim at tila walang katapusang suliranin sa Mindanao. Nariyan ang walang-humpay na hidwaan ng pamahalaan at ng mga rebeldeng Moro na kadalasa'y nauuwi sa nakapipinsalang peligrong dulot ng terorismo, "…we need to look for a place where we feel safe and secured for the purpose of our survival," ani Datu Arpa.

Matindi ang epekto ng problema sa usaping pangkapayapaan lalo pa't nagdudulot ito ng banta sa kaligtasan at maging sa kanilang kabuhayan, "…para lamang may mapagkunan ng makakain ang pamilya sa araw-araw." Maliban sa takot para sa kanilang kaligtasan, halos wala na rin silang mapagkakitaan sa dagat simula noong ipagbawal ng Kagawaran ng Kapaligiran at Likas na Yaman (DENR) ang paghuli sa mga lamang-dagat. Hindi rin umano sila nabigyan ng sapat na alternatibong pangkabuhayan. Ani Datu Arpa, "…there were no concrete programs intended to provide feasible solutions [for our source of food and livelihood] for our tribe up to now…" kung kaya't dumadayo na lamang sila sa lungsod upang humanap ng mapagkakakitaan.

MGA BAJAU SA LUNGSOD

Hindi lahat ng Bajau na dumadayo sa lungsod ay namamalimos sa lansangan. Sinimulan ng Kagawaran ng Kagalingan at Pagpapaunlad Panlipunan (DSWD) ang programang LIPI (Liberating Indigenous People from Indignity) sa Kamaynilaan noong 2010 upang mabigyanng pangkabuhayan ang mga kapatid nating nakatira sa mga Bajau communities sa lungsod. Kadalasan silang nagtatrabaho bilang mga streetsweeper, domestic helper, tindera, atbp., ngunit hindi maitatangging marami pa rin sa kanila ang ikinabubuhay ang pamamalimos sa pamamagitan ng pamimigay ng mga sobre o ampao, madalas sa mga pasahero ng pampublikong sasakyan gaya ng dyip.

Maaaring himayin ang mensaheng nakasaad sa mga pulang sobreng ito, ayon kay G. Feric Gauis Galvez, propesor sa Kagawaran ng Sikolohiya, sa Pamantasang Ateneo de Manila. Bagaman nagmula sila sa magkakaibang lugar ng Maynila, halos magkakatulad lamang ang iskrip sa mensaheng kanilang ipinararating, na "…nanggaling [nga] sila sa Mindanao at nawalan ng hanapbuhay, nawalan ng bangka, at nakipagsapalaran sila sa Kamaynilaan upang makabalik sa lupang tinubuan at makapagsimulang muli."

Dagdag pa ni Galvez, maaaring humiram ng konsepto ng *Positioning Theory* mula



sa sikolohiyang panlipunan upang maunawaan ang pangyayaring ito. Makikita ang pagsasalugar at ugnayan ng mga dayong Bajau sa mga taga-lungsod. Inilalagay nila ang kanilang sarili bilang biktima ng di-kanais-nais na mga pangyayari, yaong may kinalaman sa hanapbuhay nila kaya sila napilitang mangibang-bayan. Sa kabilang banda, pinoposisyon nila ang mga taga-lungsod bilang kapatid nilang may kakayahan sa kinalakhang lugar na maaaring pagmulan ng kanilang pag-asa. Malay man sila o hindi, ang paggamit ng mga salitang “ate”, “kuya”, at maging ang “Diyos” ay sumasalamin sa pagsasaposisyong ito, at maaaring magsilbing paraan upang higit na maging epektibo ang paghingi nila ng tulong.

Nakatali rin sa iskrip na ito ang tugon ng taong-lungsod — maaari siyang magbigay ng kahit anong tulong, ngunit mas madalas na hindi. Maaaring pagmamalasakit ang kahulugan tuwing nagbibigay, ngunit maaari ding hindi. Hindi rin sa lahat ng pagkakataon, kakulangan ng interes o pagsasawalang-bahala ang ibig sabihin ng hindi-pagbibigay.

Maraming maaaring kahulugan ang isang kilos ng tao. “It’s hard to make conclusive assumptions and generalize on their [city-dwellers] probable reactions, because perception is very subjective; and this perception is very strong that we can look at a situation from at least two different lenses. May pagtingin na maganda, mayroon ding hindi. Mayroong hindi maganda ang pagtingin ngunit naghahanap ng paraan para masolusyonan, depende sa kung anong kuwento ang susundan,” paliwanag ni Galvez. Ang kuwentong tatatak sa isipan ng taong-lungsod ay yaong nakikita niya sa media.

Kadalasang matatapang, palaban at kung minsa’y agresibo ang imaheng ipinapakita ng ilang artikulo at balita sa telebisyon. Halimbawa, maaaring may pamagat ang isang artikulo na *“DSWD: Group of beggars in Manila getting bolder, nastier.”*

Sinasabing nagpapakita sila ng mga hindi kaaya-ayang reaksiyon sa mga pagkakataong hindi sila nabibigyan ng pagkain o pera. Ayon sa kinapanayam ng artikulong ito, na puno ng DSWD Manila na si Jay dela Fuente, nandudura umano ang mga pulubing Bajau na ito kapag hindi nabibigyan ng pera, ngunit maaari rin itong pabulaanan dahil maaaring bahagi rin sila ng sindikatong humihiram sa pagkakakilanlan ng mga Badjao. Sa kabilang banda, maraming artikulo ang nagkukuwento kung paanong lalong nabibiktima ang mga Bajau sa lungsod. Dahil walang kasanayan, napagsasamantalahan sila at pangangakuang ihahatid pabalik sa Mindanao ngunit bigla na lamang silang ililigaw, nang walang dalang pagkain o barya man lamang, sa gitna ng isang hindi pamilyar na lugar. Higit na nananaig ang imahen ng mga Bajau na tila nawawalan ng direksyon at pag-asa, gayong napilitan lamang silang lumisan dala ng pagtakas mula sa walang katapusang kaguluhan. Mga biktima sila ng sirkumstansiya. Saan na sila maaaring tumungo?

“THE ULTIMATE SOLUTION IS TO PROVIDE THE BAJAUS SEA SANCTUARY AND LET THEM PEACEFULLY LIVE IN THEIR ANCESTRAL SEAS.”

-DATU ARPA NG SAMABAJAU PHILIPPINES

ANG PATULOY NA BIYAHE NG MGA BAJAO

Isa lamang ang hindi nagbabago—pinananatili nila ang kanilang pagkakakilanlan saan man sila magpunta. Hindi sila nagpapanggap na tagalungsod. Muli, maaaring ipinakikita nito ang pagmamalaki sa kanilang kultura, ngunit maaari ring praktikal ang dahilan sa paraang magsisilbi itong ‘tiket’ sa panlilimos. Mungkahi ni Galvez, “kailangan nating bumaba sa kung nasaan sila at madinig ang kuwento ng kanilang kultura at karanasan.”

Malaki ang epekto ng pag-ahon ng mga Bajau mula sa karagatan, at ipinakikita lamang nito ang hirap ng kasalukuyan nilang kalagayan, “…unti-unti nang nalilimutan ang aming mahahalagang kultura, mga paniniwalang galing sa aming mga ninuno pati na ang pakikipag-ugnayan sa mga *supernatural* na elemento ng kalikasan. Maging ang aming kaalaman sa pagsasagwan ay unti-unti na ring hindi nagagamit sa dagat,” hinaing ni Datu Arpa.

Hindi kailanman naging bahagi ng kanilang kultura ang panlilimos. Sa katunayan, higit na maunlad ang kanilang tribo kung ikukumpara sa iba bago pa man ipagbawal ng pamahalaan ang ilang produktong lamang-dagat. Umaasa ang datu na mapalawig at mapalago ang mga proyektong hahalili sa pagbawal na ito. Inihayag din ng datu na mas maraming proyekto ang gobyerno na nakatuon sa kapakanan ng mga lumad at kung minsa’y naisasantabi silang nasa dakong tabing-dagat.

Kailangang mahukay ang ugat na sinlalim ng dagat. Kaiba sa ibang tribong Pilipino, hindi lupa ang kanilang ipinaglalaban. “The ultimate solution is to provide the Bajaus sea sanctuary and let them peacefully live in their ancestral seas,” dagdag pa ni Datu Arpa. Marahil, ito ang nagtulak sa kanila na umahon at makipagsapalaran sa lupang malayo sa karagatan, at hindi sapat ang sila’y abutan ng kaunting barya bilang pahayag ng ating pagpansin. Hindi ito ang kanilang kultura, at higit pa rito ang kanilang kultura. Ano na ang maaari nating gawin upang matugunan kahit papaano ang kanilang hinaing?

SESESYONISTA: KASAYSAYAN & KINABUKASAN NG MNLF AT MILF

Isang panimula sa mga kilusang sesesyonistang madalas marinig ngunit malimit maintindihan.

sulat nina JOSE TORIO at PATRICK GERONIMO
sining ni KHALIL REDOBLE
lapat ni MICAH RIMANDO

Matagal nang laman ng balita ang mga sesesyonistang grupong Moro Islamic Liberation Front (MILF) at Moro National Liberation Front (MNLF), kaya hindi na bago sa karamihan kung sino sila, kung ano ang mga ginagawa nila, at kung saan sila nagmula. Subalit madalas ay tila mababaw lang ang pagkakalahad sa kanila, kaya mababaw din ang pagkakakilanlan natin.

Kailangang magkaroon tayo ng mas malalim na kaalaman at pag-unawa sa mga grupong ito. Ayon kay Juvanni Caballero, historyador sa Mindanao State University, "madalas na negatibo ang pagtingin ng kapwa Pilipino sa mga Moro dahil una, galing sila sa Mindanao na pugad raw ng terorismo ayon sa mga bali-balita. Ikalawa, dahil sa mga ginawang aksyon nila noon laban sa mga nakaraang administrasyon."

Madalas nga naman na kung ibinabalita ang MILF o MNLF, dahil ito sa insidente ng karahasan o madugong engkuwentro ng grupo at ng militar. Kung hindi ito, ibinabalita ang mga pangyayari patungkol sa mga gawaing pangkapayapaan ng pamahalaan at ng mga sesesyonista. Bunga nito, nabubuo ang prehuwisyo laban sa mga grupong Moro, na tila gumagawa sila ng kaguluhan bagaman hindi tunay na naiintindihan ang kanilang pinanggagalingan.

Pinakahangad nila ang awtonomiya mula sa pamahalaan sa kanilang mga lupain upang sila na mismo ang mamamahala sa pulitikal, ekonomikal at sosyal na aspekto rito. Ayon kay Dr. Jennifer Santiago-Oreta, guro sa Agham Pampulitika sa Pamantasang Ateneo de Manila, nakaugat ang hangaring ito sa paniniwalang hindi kailanman nasakop ng sinumang kolonyalista ang kanilang lupa, kaya hindi nararapat na may institusyong namamahala at may kontrol sa kanila.

ANG KASAYSAYAN NG MGA MORO SA FILIPINAS

Ayon kay G. Darwin Absari ng Institute of Islamic Studies ng Unibersidad ng Pilipinas, na nanaliksik tungkol sa kasaysayan ng mga Moro sa Filipinas, mauunawaan lamang ang pinagmumulan ng mga kilusang sesesyonista kung babalikan ang mga karanasan ng mga Muslim sa kasaysayan. Ayon sa kaniya, "lahat ng problema natin ngayon sa Mindanao ay konektado hanggang sa Spanish at American periods."

Pumasok ang Islam sa Filipinas noong ika-13 siglo. Nauna sila ng halos 200 na taon, kaya laganap na ang kultura at impluwensiya ng Islam sa kapuluan bago pa dumating ang mga Kastilang mananakop. Sa pagdating nila, malayo na ang abot ng kontrol ng mga Muslim sa kapuluan -- mula Mindanao hanggang Maynila. Nakita ng mga Kastila bilang banta ang malawak na kapangyarihan ng Islam sa bansa kaya naging layunin ng mga Kastila ang pagkitil sa Islam sa bansa.

Ayon kay Absari, may makasaysayang batayan ang marahas na pagtrato ng mga mananakop sa mga Muslim. Sa matagal na panahon, sumailalim sa pamumuno ng mga caliphate na Muslim ang ilang bahagi ng Europa, kabilang ang Espanya. Sa ilalim ng Reconquista, nakipagdigma ang mga Kristiyano upang makuhang muli ang kanilang dating kaharian. Nang bumalik sa mga Europeong Kristiyano ang kaharian, naging mapanupil sila sa mga minorya, kabilang sa mga Muslim. Itong mga karanasang ang dahilan kung bakit lubos na madugo ang mga engkuwentro ng Kastila at Moro.

Nagpatuloy ang ganitong kalagayan sa tatlong siglong pananakop ng mga Kastila, ngunit hindi tuluyang nalupig o nasakop ang Mindanao. Inilarawan ni Absari ang masalimuot na kondisyon ng mga Moro sa ilalim ng daantaong ito, "wala silang magawa kundi mang-raid para lang mabuhay. Ang iba pa, naging bahagi ng slave trade."

Natapos ang pananakop ng Kastila sa pagpasok ng mga Amerikano. Sa ilalim ng Treaty of Paris, inilipat sa kanila ang kontrol ng buong kapuluan, kabilang ang Mindanao. Subalit hindi nito kinilala ang hindi nasakop na mga lugar, tulad ng Sultanato ng Sulu. Ayon kay Absari, naging sanhi ito ng malaking tensyon sapagkat itinuring itong "illegal occupation, illegal sale at illegal lumping into a country." Nang makamit ang



unang hakbang patungong kalayaan sa Komonwelt, pinili ng pamahalaan sa ilalim ni Pangulong Manuel Quezon na panatiliing bahagi ng estado ang buong Mindanao, kabilang ang mga islang nakapaligid.

Matapos makamit ang kalayaan ng bansa, nangyari ang programang tinatawag na "Mindanao settlement," kung saan ipinalipat ng pamahalaan ang mahihirap at mga hinuling tulisan ng Hukbalahap sa lupa ng mga Moro at Lumad sa Mindanao. Bunga nito, naging minorya sa isla ang mga Moro. Naging sanhi rin nito ang mga isyu sa repormang agraryo na siyang dahilan ng pag-aalsa ng anim na taon, mula 1948 hanggang 1954.

Sa ilalim ng pamahalaan ni Pangulong Ferdinand Marcos, nangyari ang Jabidah Massacre. Noong Marso 1968, pinatay ang isang grupo ng mga Moro military recruit sa isla ng Corregidor matapos silang ang pagtatakang mag-alsa. Sa marahas na insidenteng ito, isa lamang ang nakaligtas na siyang nagbalita sa madugong insidente ng patayan.

Masasabing ang Jabidah Massacre ang mitsa na nagsilab sa daantaong hinanakit ng mga Moro sa kawalan ng hustisya. Bilang tugon, iilang Morong intelektuwal sa Maynila ang nagsimula ng kilusan na lalaban para sa kalayaan ng lupang Moro. Ang kanilang pinuno ay si Nur Misuari, at ang kanilang grupo ay kalaunang nakilala bilang Moro National Liberation Front.

MGA NAKARAANG ADMINISTRASYON

Nagsimula ang aktibong pakikibaka para sa kasarinlan noong 1973. Bumuo sila ng Bangsa Moro Army na may higit sa tatlumpung-libong kasapi. Sa panahon ni Pangulong Marcos, nangyari ang Tripoli Agreement kung saan nagkasundo ang pamahalaan at ang MNLF na magtatag ng autonomous region bilang lunsaran ng kalayaan.

Kalaunan, nagkagulo ang usapan sa pagpapatupad ng mga napagkasunduan. Hindi nagkaunawaan nang maayos ang mga partido kaya nagpatuloy ang pakikipaglaban ng MNLF. Samantala, may mga miyembro ang grupo na hindi naniwala sa awtonomiya at pilit na lumalaban upang makamit ang kalayaan.

Ayon kay Caballero, nagpalaganap ang MNLF ng mga taktikang gerilya laban sa pamahalaan. Pinasimulan nila ang stratehiyang pagdakip ng dayuhan at mga pari sa panahon ng Batas Militar, na ginagawa na ng Abu Sayyaf ngayon.

Sa pagdating ng administrasyon ni Pangulong Corazon Aquino, nagkaroon ng pansamantalang tigil-putukan upang pag-usapan ang paggarantiya ng awtonomiyang pangrehiyon. Dito nabuo ang Autonomous Region of Muslim Mindanao (ARMM). Sa kabila nito, patuloy na naniwala ang iilang bahagi ng MILF at MNLF na hindi pa rin sapat na paraan ito upang tugunan ang kanilang mga hinaing, kaya hindi tumigil ang kanilang pagkilos laban sa pamahalaan.

> **"MAGIGING POSIBLE ANG KAPAYAPAAN KUNG ANG PROSESO NG DALAWANG PANIG AY ANG DIPLOMATIKONG PAMAMARAAN."**
>
> **- JENNIFER SANTIAGO-ORETA, ADMU**

Sa pamamahala naman ni Pangulong Fidel Ramos, nagkaroon ng posisyon si Misuari bilang Gobernador ng ARMM. Noong 1996, napagkasunduan ni Ramos at ni Misuari ang pagsulong ng kapayapaan sa dalawang panig. Sa kasamaang palad, hindi rin nagtagumpay ang pagpapatupad dito. Masasabing umatras o bumagal ang usad ng proseso ng pagkamit ng kapayapaan sa ilalim ng administrasyon ni Pangulong Joseph Estrada, bunga ng pagdeklara niya ng all-out war sa MILF. Noong nakaraang administrasyon, naging priyoridad ng pamahalaan ang usaping pangkapayapaan. Sinubok ng ika-16 na kongresong ipasa ang panukalang Bangsamoro Basic Law na nilayong magtatag ng tunay na autononomous region na tumutugon sa kakulangan ng kasalukuyang ARMM o Autonomos Region of Muslim Mindanao.

ANG KASALUKUYANG ADMINISTRASYON

Sa ngayon, masasabing makatutulong ang katotohanan na nagmula sa Mindanao ang nakaupo bilang pangulo ng bansa. Dahil dito, tila nagiging mahaba ang pasensya ng mga Moro. Bagaman hindi naipasa ang panukalang Bangsamoro Basic Law noong nakaraang administrasyon, bukas pa rin ang panig ng mga sesesyonista sa usaping pangkapayapaan. Mayroon kasing paniniwala na mas mauunawaan ng pangulo ang kanilang ipinaglalaban sapagkat hindi lamang may karanasan si Rodrigo Duterte sa pamumuno sa isa sa mga lungsod sa Mindanao, kundi doon din siya lumaki at naging saksi sa mga isyung pumapalibot sa lugar.

Kaliwa't kanang mga balita na rin ang siyang nagdidikta sa pagkakaroon ng 'transparency' sa mga nangyayaring negosasyon sa pagitan ng dalawang panig. Sa panig ng MILF at ng pamahalaan, pinalawak pa nila ang Bangsamoro Transition Council. Binanggit pa ni Mohagher Iqbal na isang MILF peace panel na nasa estado na tayo ng paggawa ng solusyon.

Ayon naman kay Santiago-Oreta, may pag-asa naman talaga ang usaping pangkapayapaan kung parehong panig ay magkakaisa. Ganito rin ang opinyon ni Caballero na nagsabing mahalagang bagay talaga ang pagiging bukas ang isip sa mga usapin. Natupad naman ito nang nagkaroon ng mga pagkikita ang dalawang panig lalo na ang sa MILF, si

Al-Hajj Murad Ebrahim, ang pinuno ng grupo, kasama ang ikalawang pinuno na si Ghadzali Jaafar. Sa MNLF naman mismong kasama rin ang pinunong si Abul Khayr Alonto na tinawag na "kapatid sa kapatid" ang naging pagkikita nila kasama ni Pangulong Rodrigo Duterte.

USAPING PANGKAPAYAPAAN

Mahalagang isama ang usaping pangkapayapaan sa diskursong puwersang Moro dahil ito rin naman marahil ang pinakaakmang solusyon sa hindi matapos-tapos na 'di pagkakaunawaan. Isinambit ni Gng. Oreta na maaari lang talagang makamit ang kapayapaan kung gagamitin ang diplomatikong paraan, at isa na rito ang pagpapatuloy ng usaping pangkapayapaan.

Sa katunayan, tinanggap na ni Pangulong Duterte ang hamon na kausapin ang mga grupo. Aasahan pa raw na magkakaroon ng usapin sa pagtatag ng federalismo kung sakaling matuloy ang pag-uusap sa pagitan ng MNLF, MILF at ng pamahalaan. Kasama sa usaping ito ang pagkakaroon ng mga puwesto para sa mga taga-MNLF at MILF sa gobyerno matapos ang pagtatag ng hangganan ng teritoryo sa katimugang bahagi ng bansang Pilipinas.

"DAPAT NA HINDI ITURING NA KALABAN ANG MGA MORO, DAPAT PA NGANG ITURING NA KAKAMPI DAHIL MALINIS NAMAN ANG HANGARIN NILA."

-JUVANNI CABALLERO, MINDANAO STATE UNIVSERSITY

Nagkaroon na rin ng pag-usad ang mga hakbang na ginawa at sa katunayan sinabi pa ng MILF na handa silang tumulong sa pagsugpo sa problema ng bansa sa talamak na paggamit ng droga. Winika pa ni Interior Secretary Mike Sueno na tapat ang mga Moro na tumulong sa aspektong ito at magtiwala lamang sa kanila. Si G. Johnny Siai na pinuno ng MNLF Border Command na rin mismo ang nagsabing handa nilang isumite ang listahan ng mga taong gumagamit ng ipinagbabawal na gamot sa kanilang hanay. Ayon naman kay Muslimin Sema, ang pinuno ng isa sa mga malalaking grupo sa loob ng MNLF, na malaking posibilidad na raw para sa kanila na si Pangulong Duterte ang huling pangulong makakausap nila sa usapin ng awtonomiya dahil aktibo raw ang pangulo sa pagsisikap na malutas ang kaso o mga isyu gamit ang usaping pangkapayapaan. Susuklian naman daw nila ito na may kasama pang karangalan at pagkilala sa kanilang panig. Naniniwala kasi ang pinakamakamakauunawa sa kanilang sitwasyon ay ang may dugong katulad nila at nagmula sa lupa at kontekstong ginagalawan nila. Pasok sa dalawang batayan na ito si Pangulong Rodrigo Duterte.Ito na raw, ayon kay Caballero, ang tamang panahon upang maayos na ang gusot sa isyu dahil mahihirapan kung ang mga susunod pang mga lider ng mga Morong grupong ito ang makaka-transaksyon. Mas mainam daw kung hindi na palalampasin ng kasalukuyang administrasyon ang pagkakataon maayos ang gusot. Kaya sa kasalukuyan, umaandar pa rin naman ang mga usaping ito at umaasa ang maraming Pilipino, hindi lamang ang mga nasa Mindanao, na magkakaroon na sa wakas ng katiwasayan sa relasyon ng Moro at ng pamahalaang Pilipino.

PAGKAMIT NG KAPAYAPAAN

Sa huli, tunay na isang malaking hamon para sa dalawang panig ang magkaroon ng kapayapaan. Kailangang tiyakin ng pamahalaan na saklaw ng mga usaping ito ang hangarin at pangangailangan ng mga Moro. Ganoon din naman ang pananaw ng mga Moro, na siyang nagbibigay ng panahon at nagsisikap upang makamit ang mga nararapat na sa kanila.

Malayo pa bago tuluyang makamit ang tunay na kapayapaan sa Mindanao, na sakop o abot ang lahat at hindi lang ang iilang grupo. Tila mas malayo rin ang hiling na kalaayaan ng mga kilusang sesesyonista para sa Mindanao. Ngunit sa kumulasyon ng dekada ng diyalogo't usapang pangkapayapaan, at sa pag-upo ng isang anak ng Mindanao bilang pangulo, tila nagiging mas kaabot-abot ang mga hangaring ito. Higit na makatutulong ang mas malawak na pagkilala at mas malalim na pag-unawa sa mga ipinaglalaban ng mga kilusang kagaya ng MNLF at MILF.

SIGAW SA KANAYUNAN

Isang sulyap sa Lakbayan 2016 – isang malawakang mobilisasyon ng mga pambansang minorya mula sa iba't ibang panig ng Pilipinas

sulat nina **DENISE NACNAC** at **JOSE MEDRIANO III**
mga kuha ni **EDWIN SEGISMUNDO**
lapat ni **MICAH RIMANDO**

Tagaktak ang pawis habang binabagtas ang mga kalye ng Maynila. Hindi alintana ang pagal ng paa at kalam ng sikmurang iniinda.

Noong nakaraang Oktubre, lumuwas ang humigit-kumulang 3,000 miyembro ng pambansang minorya – mga katutubo at Lumad mula sa iba't ibang panig ng Pilipinas para ipaglaban ang kanilang karapatan sa sariling pagpapasiya. Nagprotesta sila laban sa patuloy na militarisasyon sa kanilang komunidad, ang pagkamkam sa kanilang lupang ninuno, at ang walang-pakundangang panggagahasa ng mga dayuhan sa kagubatan at likas-yaman ng Pilipinas.

LAKBAYAN

Hindi na bago ang ganitong uri ng mobilisasyon. Marami nang grupo mula sa iba't ibang sektor ang nagtangkang dalhin ang kanilang laban sa kabisera. Halimbawa na nito ang mga magniniyog na nagmartsa papunta sa Maynila noong 2014 para isulong ang karapatan nila sa coconut levy fund na nalikom sa panahon ng diktadurya ni Marcos; ang mga Casiguranon na pumunta sa lungsod upang labanan ang pagpapatupad ng APECO; at mga magsasaka mula sa tribong Higaonon na nagmartsa mula Sumilao noong 2007 para ipaglaban ang kanilang karapatan sa lupa ayon sa repormang agraryo.

Noong nakaraang taon lamang, sa unang Lakbayan na pinamagatang "Manilakbayan ng Mindanao," pumunta ang 700 Lumad para i-protesta ang pagpatay sa mga pinuno ng kanilang komunidad at ang patuloy na militarisasyon sa kanayunan dulot ng Oplan Bayanihan.

Subalit nabubukod dito ang "Lakbayan ng Pambansang Minorya para sa Sariling Pagpapasya at Makatarungang Kapayapaan," ngayong taon. Dahil ito sa dalawang rason. Una, ito ang isa sa pinakamalalaking mobilisasyon sa Pilipinas batay sa dami. Tinatayang higit sa 3,000 ang lumahok sa lakbayan ngayong taon. Hindi pa bilang dito ang daan-daang estudyante, aktibista, at ordinaryong mamamayan na sumama sa pagkilos at patuloy na nakikiisa sa kanilang laban. Pangalawa, isa ito sa pinakamalaki ang sakop. Mula sa iba't ibang pangkat-etnolingguwistiko sa Luzon, Visayas, at Mindanao ang mga 'lakbayani' na nakilahok sa malawakang mobilisasyon.

Marami na ring napagtagumpayan sa larangan ng pagsusulong ng karapatan ng mga katutubo at pambansang minorya ang Lakbayan. "Dahil sa lakbayan nalaman natin na may ganitong mga pinagdadaanan 'yung mga katutubo," ayon kay Bryle Leaño, kasalukuyang UP Diliman USC Chairperson. Aniya, dahil sa Lakbayan, nahihimok tumugon at sumali sa diskurso tungkol sa IPs ang iba't ibang sangay at ahensiya ng pamahalaan tulad ng Senado at Kongreso, DENR at mismong NCIP. "Nakikita nila 'yung clamor ng mga tao. Di lang siya clamor ng mga IPs eh clamor siya ng buong Filipino masses," dagdag niya.

LUPANG NINUNO. DEPENSAHAN AT IPAGLABAN!

Ika-19 ng Oktubre. Bilang isa sa mga aktibidad ng Lakbayan 2016, nagsagawa ng kilos-protesta ang mga lakbayani kasama ang iba't ibang grupo sa harap ng US Embassy. Hindi inasahan ng mga nakilahok sa protesta ang matinding pandarahas na aabutin nila mula sa kapulisan. Binato sila ng tear gas, pinagdadakip ang iba sa kasamahan, pinagpapalo, at kalauna'y sinagasaan.

Isa sa mga nasaktan si Baling Katubigan, 61 taong-gulang na babaeng Lumad leader mula sa CARAGA. Sinugod siya sa ospital nang tuklap ang balat, lamog ang katawan, at bali ang buto't tadiyang. Napuruhan din sa marahas na dispersal ang isang estudyante mula sa PUP at miyembro ng Anakbayan na si Quenilyn Gromeo. Pansamantalang naging paralisado ang ibabang bahagi ng kaniyang katawan.

Noong hapon ding iyon, nagsagawa agad ng indignation rally at candle lighting program sa loob ng UP Diliman para ikondena ang marahas na dispersal na nangyari sa embahada ng Estados Unidos. Nakilahok ang iba't ibang student groups tulad ng League of Filipino Students, Anakbayan, Alay Sining, STAND UP, at iba't ibang student councils upang ipakita ang pagkakaisa at galit ng mga iskolar ng bayan.

Ayon kay Leaño, tatlo ang pangunahing layunin ng demonstrasyon: "Una, para ikondena ang brutal at marahas na dispersal sa mga Lakbayaning nagprotesta sa harap ng embahada ng US. Pangalawa, upang ikondena ang pagpapatuloy ng imperyalismo ng imperyalistang US na makikita sa pamamayagpag ng sistemang piyudal, patuloy na landlordism at land grabbings, at pagpasok ng malalaking kompanya ng minahan na di man pagmamay-ari ng US ay pinopondahan naman ng IMF at WB. Pangatlo, upang ipanawagan ang pagpapaalis ng militar sa kanayunan – mapa-paramilitary man o militar."

Isa ang panawagan ng estudyanteng si Jed Corral, miyembro ng Alay Sining Fine Arts na nakilahok sa demonstrasyon. Aniya, "Huwag na sila (gobyerno) magpakaputa sa ibang bansa. Lagi tayong umaaasa sa tulong ng ibang bansa tulad ng Amerika. Kung titingnan talaga natin, iyong Amerika iyong may kailangan sa atin, hindi tayo iyong may kailangan sa Amerika."

MGA KUWENTO SA KANAYUNAN

Hindi inakala ng mga Lakbayanis kagaya ni Orlando Anglao na ang sasalubong sa kanilang kilos-protesta sa Maynila ay hindi kaiba sa amunisyon at harassment na kanilang nararanasan sa kanayunan.

Nasaksihan mismo ni Tay Orlando ang mga pangyayaring isiniksik sa isang 60-segundong video na naging viral sa social media, at umani pa ng pambabatikos mula sa ilang mga netizens.

Ipinipinta ng reaksiyon ng karamihan sa masalimuot na dispersal kapulisan laban sa mga raliyista (IPs, kabataan) ang mababaw na pag-unawa tungkol sa ipinaglalaban ng ating mga kababayang pambansang minorya. Tawag-pansin ang mga komento kagaya ng "Bayaran 'yang mga 'yan para magpapansin at magpa-awa" at "Walang ginawa kundi manggulo. Mabuti nga sa kanila!" tungkol sa insidente.



"Nakapunta kami dito [sa Maynila] kasi nagbabakasali kami na masolba talaga ang aming problema. Lalo na sa aming mga lupang ninuno kasi inaagaw… Bawiin namin," paliwanag ni Tay Orlando. Mula sa grupong Manobo ng Bukidnon, kuwento niya, limang araw ang biyahe mula sa kanilang komunidad papunta sa Maynila. Dala-dala ang pasakit at pag-asang madinig ng bagong presidente na kapuwa-Mindanawon ang kanilang mga hinaing.

Ngayo'y nagtitiis sa pang-araw-araw na sahod na 150 daang piso, si Tay Orlando ay isa sa mga magsasaka sa kanilang komunidad na kapos sa maayos na pangkabuhayan dahil sa pagkamkam ng mga nasa itaas sa mga lupang sakahan. Kaniyang inaalaala ang mga kinagisnan sa kanilang lugar. Ilang beses nilang sinubok balikan ang kanilang lupain.

Ngunit sabi ni Tay Orlando, hinaharangan sila at ginagamitan ng dahas.

Noong 2015, ibinalita ang pagpatay sa isang tribal leader at kasamahan nina Tay Orlando. Di umano'y pakana raw ito ng isang kilalang landlord sa rehiyon. "Pumunta kami doon sa presinto at saka mag-file ng kaso; wala kaming nimo, wala kaming nagawa," daing ni Tay Orlando. Ano nga ba ang katumbas ng pagkitil ng mga maralita at pisante kundi salaping natanggap mula sa kumokontrol ng operasyon at sistema sa maliit na komunidad na iyon?

"Pumasok sila (malalaking korporasyon at investors) doon, sinisira nila ang aming lupa, sinisira nila lahat-lahat... Sinisira nila," anupat pag-aalinlangang sinabi ni Tay Orlando sa kinahinatnan ng kanilang lupang ninuno.

KALABISAN NG 'OPLAN-INSURHENSIYA'

Habang ikinukuwento ni Tay Orlando ang kanilang karanasan sa Bukidnon, taimtim namang nagmamasid si Mary Ann, isang 12 taon na batang Manobo. Isa siya sa mga nakaligtas mula sa isang pag-atake ng paramilitar noong Hulyo sa pagtitipon sa kanilang barangay.

Habang-buhay nang nakamarka sa kaniya ang naging karanasan. Isang galos – na pawang paalala ng kanilang araw-araw na pakikisagupa sa pasistang pamamalakad ng mga armadong militar para sa kanilang karapatan sa kanilang lupang ninuno. Galos na magpapaalala sa banta ng buhay ng batang dumayo sa Maynila upang ipahayag ang kaniyang pakikiisa sa pagnanais na maipatupad nang permihan ang kanilang mga karapatan bilang IPs.



Laman ng balita ang di-makataong pag-atakeng ng isang grupong paramilitary – bihis at armado kagaya ng lehitimong military ngunit hindi kinikilala ng awtoridad bilang kasapi ng awtorisadong grupo. Ang armadong pangkat na ito diumano'y nangangasiwa ng isang operasyong pagmimina sa San Fernando. At sinabi ring matagal nang sinusupil ng grupo ang bayang ito.

Paghahasik ng lagim at terorismo ang diumano'y pangunahing adyenda ng mga paramilitary groups. Ito ay para lisanin ng mga katutubo at Lumad ang kanilang mga tahanan. Subalit hindi raw maaaring mag-isang nagpapatakbo ng kanilang mga operasyon ang mga paramilitary groups. Sa katunayan, ang mga grupong ito ay likha at organisado diumano ng sandatahang lakas, upang mas maigting na maipatupad ang kampanyang kontra-insurhensiya ng gobyerno. Giit ng dating gobernador ng Surigao del Sur Johnny Pimentel sa isang report, nakatungtong sa likuran ng mga teroristang ito ang kasundaluhan. Sabi niya, imposibleng makakayang pasanin ng mga paramilitary ang presyo/halaga ng mga armas. Itinanggi naman ito ng mga nakaluklok sa matataas na ranggo ng militar.

Naniniwala ang karamihan sa mga katutubo na sukdulan ng kontra-insurhensiya ang di-makaturangang pagpapaligpit sa kanilang mga lider na pinaghihinalaang kasapi ng New People's Army. Hindi lingid ang tulong na iniaabot ng mga pambansang demokratikong pangkat (NDF, CPP-NPA) sa mga katutubo at Lumad. Madaming kuro-kuro ang nagsilabasan tungkol sa pagkakaibigang ito na sinasabing isang uri ng pananamantala ng mga rebelde sa mga sibilyan.

Ayon sa artikulong isinulat ng kilalang abogado at dating undersecretary ng Department of Environment and Natural Resources (DENR) Dean Antonio La Viña, ang pagpasok sa equation ng NPA bilang kakampi ng mga katutubo't Lumad ay isang dahilan kung bakit nasa mahinang posisyon ang mga kababayan nating minorya.

"Patuloy yung karahasan na pinagbibintangan kami na kaming miyembro ng New People's Army kaya daw hindi kami pumapayag sa development," sambit ni Datu Jomorito "Jomo" Goaynon mula sa grupong Higaonon. Bukod sa pangangamkam ng kanilang mga lupang ninuno, hindi rin sila ligtas sa pambabato ng mga alegasyon tungkol sa ibinibintang na ugnayan ng kanilang komunidad sa mga komunista. Ang mga pagbabatikos na ito'y hindi lamang natatapos sa kanilang lugar.

Suot-suot ang bandana at mga palamuti sa katawan na palatandaan ng kaniyang mataas na posisyon sa kanilang komunidad, tila nakatanim na sa kaniyang pagkatao ang walang katapusang pasakit na dinaranas ng lahat ng kasapi ng pambansang minorya. Nakaukit sa kaniyang salaysay ang mga bintang ng militar na tagasunod sila ng doktrina ng komunismo. Dalawang beses siyang humarap sa korte – una upang panagutin daw sa pagpatay sa isang paramilitary, at pangalawa dahil sa kasong human trafficking. "Tumutulong [kasi] kami (Kalumbay Regional Lumad Organization of Northern Mindanao) sa nag-bakwit na mga tribong Banwao sa Agusan Sur," depensa niya.

Ang pag-alis ng mga sibilyan sa kanayunan ay hindi isang pambihirang pangyayari – lalo na sa mga sinasalanta ng pinsala ng mga giyera sa Mindanao. Gayunpaman, nananatili itong isang traumatikong bagay para sa mga mamamayan sa kanayunan. "Naiwanan nila yung mga sakahan, so nagugutom sila ngayon," ani ng dating napilitang lisanin ang kaniyang tahanan dahil sa banta ng militarisasyon.

Salungat ang kanilang sitwasyon ngayon sa dapat nilang tinatamasa sa lupang ninuno na sagana sa likas na yaman. Kung kaya't katulad nina Tay Orlando, Mary Ann, at lahat ng dumalo sa Lakbayan, hindi titigil si Datu Jomo sa pakikibaka para sa pagkilala at pagrespeto sa karapatan ng pambansang minorya.

MGA TANONG AT HAMON

Ayon kay Antonio La Viña, kung susuriing mabuti ang dynamics ng sitwasyon ng pambansang minorya, naka-ugat sa agawan ng kapangyarihan ang kaguluhan – sino ang dapat mamahala ng ekta-ektaryang lupaing naghahatid hanapbuhay sa libo-libo nating kababayang katutubo't Lumad? Sino ang dapat panigan ng nasa itaas – ang kanilang nasasakupang sadlak sa kahirapan at karahasan, o kapitalistang nagbebendisyon ng milyong-milyong salapi sa kaban ng bayan ngunit binabalewala ang karapatang pantao? Sapat nga ba itong dahilan upang hatulan ng karahasan ang mga tataliwas sa progresong pangako ng mga dambuhalang korporasyon? Anong kompromiso ang nararapat na tahakin ng pamahalaan tungkol dito?

Isang patunay ang Lakbayan sa kakulangan ng pagtutuon ng pansin ng estado sa mga pangangailangan ng nasasakupan. Bitbit ang prinsipyo't pag-asa, ang mga nagtipon-tipon sa pagsisikap na ito'y nararapat lamang na dinggin.

Tila nasa gitna ng isang delikadong hilaang-lubid ang pamahalaan. Isang pagkakamali at aapaw ang madugong protesta. Isang pagkakamali lamang at mawawalan ng kredibilidad ang administrasyon. Nawa'y sa pihitang ito, hindi maisantabi at makalimutan ng pamahalaan na ang demokrasya ay nakatuon sa ikabubuti ng nakararami – at sa kasong ito, para sa mga api. Walang kaunlaran sa isang bansa hangga't ang hustisya'y para lamang sa mga nasa tuktok ng lipunan.



ALINGAWNGAW NG KIDAPAWAN

Anim na buwan matapos ang madugong dispersal sa Kidapawan, natututgunan na ba ang hinaing ng mga magsasaka?

sulat ni **ROBBIN DAGLE**
sining ni **ROSALAINE PESARIT**
lapat ni **JOSEPH SILVA**

Sa gitna ng napakainit na panahon at ng mas mainit na kampanya para sa halalan noong Abril, biglang nabaling ang atensyon ng buong bayan sa isang highway sa North Cotabato, Mindanao.

Mula ika-30 ng Marso hanggang ika-1 ng Abril, binarikadahan ng ilang magsasaka ang Davao-Cotabato Road na nagdurugtong sa dalawang lungsod bilang protesta sa kawalang-aksyon ng pamahalaan sa lumalalang epekto ng El Niño sa suplay ng pagkain. Nauwi ito sa madugong dispersal ng mga pulis sa mga raliyista. Tatlo ang namatay at 116 naman ang nasugatan sa bahagi ng mga raliyistang magsasaka habang 99 naman ang nasugatan sa hanay ng mga pulis.

#BIGASHINDIBALA

Naging malawakan ang pagkondena sa mga pangyayari sa Kidapawan. Bilang protesta, isa sa mga naging sigaw ng mga tao sa lansangan pati sa internet ang #BigasHindiBala. Ilang mga sikat na personalidad tulad nina Bianca Gonzales at Nora Aunor ang nanawagan sa social media ng tulong para sa mga magsasaka. Dumayo naman mismo sa Kidapawan ang aktor na si Robin Padilla upang magbigay ng bigas sa mga biktima ng tagtuyot.

Kumilos ang ilang kabataan mula sa iba't-ibang unibersidad sa bansa upang tumugon sa krisis: nagkaroon ng kilos-protesta ilang araw matapos ang insidente. Sa Ateneo, naglunsad ang Ateneo Disaster Response and Management (DReAM) Team sa pakikipagtulungan ng Coalition of Ateneans for Indigenous Peoples (CAIP) at Ateneans for Agrarian Reform Movement (AFARM) ng isang relief drive para sa mga magsasakang naapektuhan ng matinding tagtuyot sa Mindanao.

BAHID-PULITIKA

Dahil din panahon ng kampanya noon, hindi naiwasang mabahiran ng pulitika ang trahedya. Pinuna ng ilan ang umano'y katahimikan ng Malakanyang ilang araw matapos ang insidente. Kabilang dito ang mga militanteng grupo at simbahan tulad ni Arsobispo Ramon Arguelles ng Lipa. "There were no messages of sympathy, condolences or regrets or (assurance of) a decision to get into the bottom of this incident. Our government should protect our people, not isolate them," ani ni Arguelles, ayon sa ulat ng Philippine Daily Inquirer
Ika-8 na ng Abril nang nagsalita ang noo'y pangulong si Benigno "Noynoy" Aquino III tungkol sa insidente—isang linggo matapos ang madugong dispersal. Hindi rin maiiwasan na maging sangkot sa isyu ang mga kandidatong nais pumalit kay Aquino sa puwesto. Kinastigo nila ang dispersal at ang malalang problema ng kagutuman ng mga magsasaka. Matatandaang naging mainit ang bangayan sa pagitan ng dating kandidato at ngayo'y pangulo na si Rodrigo Duterte at ng gobernador ng North Cotabato na si Emmylou "Lala" Mendoza.

> **"KASI AKO, BATA PA AKO NOON, MAGSASAKA AKO. NARANASAN KO NA 'YUNG RICE CRISIS. HANGGANG NGAYON, MAS MATINDI ITO NGAYON. MAPATAWA NA LANG AKO EH...PURO PANGAKO, SLOGANEERING. HINDI 'YAN SOLUSYON."**
>
> **- Antonio Flores, Punong Kalihim ng KMP**

Upang makatulong sa mga magsasaka, naglabas ang sangguniang panglunsod ng Davao (kung saan alkalde si Duterte noon) ng 31.5 milyong piso pambili sa 15,000 sako ng bigas.

Halos kasabay nito ang pagsabi ni Mendoza na isang "insulto" sa mga mamamayan ng North Cotabato kung gagamitin ng mga pulitiko ang trahedya upang magpapogi at pabanguhin ang kanilang pangalan sa mga botante. Nagalit si Duterte sa sinabi ni Mendoza; minura ito at sinabing, "why? What is fundamentally wrong if somebody writes my name [on] a sack of rice and gives it to the people na naroon? Eh sabi nila gutom, eh sabi ninyo merong bigas, eh 'di bigyan ninyo."

Ngunit sabay ng paghupa ng El Niño at ng kampanya ang pagkawala ng interes ng taumbayan sa isyu.

RESULTA NG IMBESTIGASYON

Noong ika-30 ng Mayo, inilabas ng Komisyon ng Karapatang Pantao (Commission on Human Rights) ang kanilang ulat sa imbestigasyong isinagawa nang sa gayon, mahanap ang katotohanan sa mga pangyayari. Ayon kay Jacqueline Ann C. De Guia, OIC-Director ng Public Affairs and Strategic Communications Office ng Komisyon, ilan sa mahahalagang bagay na nakasaad sa ulat ang mga sumusunod:

"The CHR noted that there was a failure of the provincial government to as a duty-bearer to promote the right to food and the freedom from hunger of the farmers which is deemed as the root cause of the protest action," ani De Guia.

Ayon sa Komisyon, sapat na ang panahon ng lalawigan upang mapaghandaan ang nakaambang El Niño, sapagkat Enero pa lamang, nagdeklara na ng state of calamity. Matagal nang sinasabi ng mga siyentipiko ang pagbadya ng matinding tagtuyot.

Napag-alaman din ng komisyon na gumamit ang mga pulis ng labis na karasahan sa dispersal. "The police started the violence and the farmers retaliated by throwing rocks and pieces. This eventually caused the violence to erupt in both ends," sabi ni De Guia. "There was excessive use of force considering that the PNP fired the first shot. And the use of force is also unjustified."

Dahil dito, inirekomenda ng komisyon na sampahan ng kasong kriminal at administratibo ang mga pulis na may kinalaman sa madugong dispersal sa pamumuno nina P/Supt. John Miridel R. Calin, hepe ng Kidapawan City Police

at ni P/Supt. Alexander C. Tagum. Dahil daw ito sa paglabag sa ilang karapatang sibil at pulitikal ng mga nagwewelga. Kasama na rito ang pagkamatay nina Darwin Sulang at Enrico Fabligar.

Kinastigo rin ng Komisyon ang mga provincial prosecutor na naghain ng kaso laban sa ilang buntis at matatandang sumama sa protesta na magkaroon ng "due diligence." "[T]hey should have been more discerning in sustaining the charges against the farmers considering that many of the protesters were women and children and many are unable to inflict some degree of harm to the police officers," sabi ni De Guia. Matatandaang tinulungan ng mang-aawit na si Aiza Seguerra at ng kanyang asawang si Liza Diño na piyansahan ang 79 na magsasakang sinampahan ng kaso, kabilang na ang mga buntis, matatanda, at sugatan.

Iginiit din ni De Guia na may pananagutan ang mga nag-organisa ng protesta dahil nilinlang nila umano ang mga magsasaka. "The CHR also found that there was an evidence that some of the farmer-protesters were actually induced by some unidentified organizations and persons to have joined the protest through deceit and these have exposed the farmers unnecessarily to the violence that has resulted."

Narito ang sipi ng ulat ng Komisyon: "In the last week of March 2016, 'unidentified persons' went to the farmers' communities affected by the drought in the different municipalities of North Cotabato and Bukidnon, and persuaded them to proceed to Kidapawan City to demand and receive rice from Gov. Mendoza. Some of these "unidentified persons" later turned out to be members of the KMP [Kilusang Magbubukid ng Pilipinas]."

Itinanggi ng KMP at ng kanilang mga kaalyadong partido ang naging ulat ng Komisyon. "Gusto nilang takpan ang katotohanan at kami pa ang nagiging masama dahil nagkaroon daw ng protesta, 'yun daw ang dahilan sa kaguluhan," ayon kay Antonio Flores, punong kalihim ng KMP.

Nauna nang naglabas ng pahayagang KMP na kumukondena sa ulat ng Komisyon. Pinaratangan din ang lokal na pamahalaan ng North Cotabato ng paggamit sa pondong para sana sa mga magsasaka sa eleksiyon.

Ayon kay Flores, hindi pa rin daw umano naipapamahagi ng lokal na pamahalaan ang bigas na ito. Kontrolado raw ng munisipyo ang bigas mula sa Kagawaran ng Agrikultura. "Hanggang ngayon. Hindi pa napapamahagi. Kung meron mang naipamahagi, 'yung mga donation ng ibang mga grupo," sabi niya.

"PERO KAILANGAN PA BA GANUN NA MAGPROTESTA KA? DAHIL LANG MAY PROBLEMA? DAPAT TIGNAN SA GOBYERNO [KUNG] ANONG PANGANGAILANGAN NG MAGSASAKA, NG MAMAMAYAN."

**- Antonio Flores,
Punong Kalihim ng KMP**

Inakusahan ng diskriminasyon ni Flores ang lokal na pamahalaan sa pagbibigay ng tulong. "Ang problema lang diyan ay kung sino ang nakaupo sa probinsya at municipal LGU, kinokontrol nila lalo na 'yung binanggit ko na kung ikaw ay aktibista, ikaw ay militante, isolated ka. 'Yun ang naging problema," sabi niya.

Giit pa ni Flores, umabot na ang panahon ng pagtatanim at La Niña ay wala pa ring tulong na naibibigay ang pamahalaan. "Mula sa...bigas [noong tag-init], hanggang sa tag-ulan, 'yung mga farm inputs para makapagtanim ang mga magsasaka, wala pa rin. Kaya kailangan ka magprotesta, rally. 'Yan ang ginagawa nila," sabi ni Flores.

Sa kabila nito, iginiit ng Komisyon na "balanse" ang kanilang naging pag-uulat. "Our findings are anchored on what we find on the ground and it is not motivated by any inclination for whatever sector," ani de Guia. "Wherever the truth may lead us, that will be the results of our investigation."

MAS MALALAKING ISYU

Sa huli, ang Kidapawan ay isa lamang masaklap na simbolo sa napakatagal nang problema ng bansa sa agrikultura at sa kung paano natin tinatrato ang ating mga magsasaka.

"Kasi ako, bata pa ako noon, magsasaka ako. Naranasan ko na 'yung rice crisis. Hanggang ngayon, mas matindi ito ngayon. Mapatawa na lang ako eh. Tingin ng ating gobyerno, kung anong pamamaraan, Department of Agriculture, puro pangako, sloganeering. Hindi 'yan solusyon. Hindi 'yan solusyon," sabi ni Flores.

Gaya ng nabanggit, isa sa mga karapatang pantaong nilabag sa insidenteng ito ang karapatan sa pagkain—ang siyang puno't dulo ng pagkilos sa Kidapawan.

Ayon kay de Guia, nakasaad ito sa International Covenant on Economic, Social and Human Rights kung saan kasali ang Filipinas. "It clearly outlines that food is a basic necessity and therefore must be made available," sabi niya.

Isa sa mga inirekomenda ng Komisyon upang hindi na maulit pa ang insidenteng ito ang pagsasabatas ng Zero Hunger Bill (Senate Bill 2137 at House Bill 3795 sa ika-16 na Kongreso) na gumagarantiya sa karapatan sa pagkain at naglalayong mabura ang gutom sa bansa sa loob ng 10 taon.

Ito kasi ang gustong mangyari ng mga magsasaka—silang mga napapagal at nagpapakahirap para mapakain ang isang bansa ng 100 milyon.

"Pero kailangan pa ba ganun na magprotesta ka? Dahil lang may problema? Dapat tingnan sa gobyerno anong pangangailangan ng magsasaka, ng mamamayan," ani Flores.

ILEGAL NA PAGTOTROSO: ANG HINDI MATAKPANG BUTAS

Sa dinami-rami ng mga batas at programang ipinatutupad ng gobyerno para harapin ang ilegal na pagtotroso, hindi pa rin ito natatapos, patuloy pa rin ang laban.

sulat ni PAMELA ANNE ISIP
kuha ni NEIL VILDAD
lapat ni PIE TIAUSAS

Hindi matapos-tapos at paulit-ulit na pinag-uusapan. Iyan ang nangyayari hinggil sa ilegal na pagtotroso sa buong bansa. Ilang taon na rin ang nakararaan magmula nang una itong nabanggit bilang isang isyu ng bansa ngunit ngayon, patuloy pa rin ito sa pagsubok sa kakayahan natin na harapin ito. Marami na ring batas at programa ang ipinatupad ng gobyerno para sa mabigyang solusyon ang isyung ito subalit laging may kulang. Tila may butas sa ating lipunan na hindi magawang takpan - dahil hindi ito tinatakpan.

Maraming binibigay na solusyon ngunit hindi ito nagagawa. Mayroong panakip sa butas subalit nakaliligtaan ang pagtakip dito dahil mas tutok ang pansin sa iba pang mga isyung panlipunan at pampolitika na direktang nakaaapekto sa bawat isa. Mas pinagtutuunan ng pansin ng sambayanan ang pagsasaayos ng iba pang butas ng lipunan.

Laging tinitignan ang isyu tungkol sa kapaligiran bilang isang isyung mas naka-linya sa agham ngunit ilang taon na ang lumipas at hindi pa rin ito nalulutasan nang buong-buo. Kailangang subukang tignan ito sa perspektibo ng sosyolohiya, kung bakit ito nangyayari at bakit ito hindi magawang malutas.

MALAKING BAHAGI NG BANSA ANGNAWAWASAK

Ang Mindanao ang ikalawang pinakamalaking pulo sa bansa. Sagana ito sa mga likas na yaman kaya hindi na nakapagtataka kung bakit maraming nagtatangkang manamantala sa mga ipinagkakaloob nito. Pito sa kilalang 13 hotspots ng ilegal na pagtotroso sa buong bansa ang nasa Mindanao. Isa sa rehiyon ng CARAGA at anim sa rehiyon ng Davao.

Base sa datos ng Kagawaran ng Kapaligiran at Likas na Yaman (DENR) noong 2010, binubuo ng Mindanao ang halos 32.42% ng forest cover ng Pilipinas na may kabuuang lawak na 6.8 milyong hektarya. Ilegal na pagtotroso ang isa sa mga pinakatalamak na gawaing nagiging sanhi ng pagkasira nito. Pinuputol ang mga puno at pinagkakakitaan. Sa tuwing paunti nang paunti ang mga puno, lumalaki ang posibilidad na maging mas mapaminsala ang mga landslide at pagbaha na dala ng bagyo. Sapagkat kaunti na lamang ang mga puno, kaunti na rin ang sumisipsip ng tubig tuwing may baha.

Hinding hindi rin mawawala ang kontribusyon ng ilegal na pagtotroso sa problema hindi lamang ng Mindanao o ng ating bansa, kung hindi ng buong mundo—climate change. Sa pagputol ng puno, di lamang natin pinapatay ang isang organismong sumisipsip sa carbon dioxide na iniluluwal ng tao at industriya, mas pinararami pa natin ang carbon dioxide sa atmospera na nagmumula sa patay na puno. Dahil dito, mas umiinit ang mundo. Nababago ang takbo ng panahon ng mundo dahil sa pagbabago ng klima kung kaya't isa itong malaking hamon para sa atin.

"SOCIOLOGICALLY, TITINGNAN MO SIYA AS A WHOLE SYSTEM TALAGA; TITIGNAN KUNG SINO YUNG NAGBEBENEFIT AT SINO YUNG HINDI."

-EMILY ROQUE-SARMIENTO
ATENEO DE MANILA UNIVSERSITY

Bukod sa epekto ng pagliit ng populasyon ng mga puno, matindi rin ang epekto ng ilegal na pagtotroso sa mga hayop na naninirahan sa mga puno ng mga kabundukan at kagubatan. Maraming mga ibon gaya ng Mindanao scops owl, Tawi-Tawi brown dove, at Sulu woodpecker ang nanganganib nang maubos dahil sa pagkasira ng kanilang mga tirahan. Ano ba ang mga nagsisilbing tirahan ng mga hayop na gaya nila? Ang mga puno sa mga kagubatan at kabundukan ang siyang nagsisilbing tahanan sa napakaraming species. Napapabilang na rin sa listahan ng mga endangered species ang ilan sa mga ito.

Marami pang mga hindi nakabubuting pangyayari ang naidudulot ng ilegal na pagtotroso. Kung ganoon, bakit hindi ito natigil noon pa man?

Maraming batas na ang ipinatupad upang mabigyang proteksyon ang mga partikular na lokasyon kung saan marami pang mga puno at uri ng hayop na nangangailangan ng karapatang pag-aalaga. Ilan sa mga batas na ito ang Executive Order 23 na nagdeklara ng moratorium sa lahat ng pagpuputol at pangunguha ng troso sa mga likas at tirang kagubatan sa buong bansa. Ang EO 23 din ang siyang nagpabuo ng Anti-Illegal Logging Task Force.

Isa pang batas na sakop ang pangangalaga sa tirahan ng mga endangered species ang ipinatupad na rin, Ito ang Republic Act 7586 o ang National Integrated Protected Areas System (NIPAS) Act of 1992. Marami pang mga tuntuning ipinatupad ang gobyerno at kagawaran ng kapaligiran at likas na yaman upang mapalakas ang pagpapatupad sa mga batas.

SA KASALUKUYAN

Sa kabila ng pagtatag ng mga batas na ito, patuloy na nababawasan ang bilang ng mga illegal logging hotspots. Mula sa 197 bumaba ito sa 31 noong 2012. Napatigil na rin daw ang lahat ng mga major legal logging concessions upang maayos na mapatupad ang Executive Order 23 na nagbabawal sa pag-iisyu at pagpapanibago ng mga logging contracts at tree-cutting permits.

Gayunman, marami pa ring mga logging operations ang naisasagawa sa iba't ibang bahagi ng bansa dahil sa hirap pa rin ang mga forest rangers at monitoring agencies na mabantayan ang mga hotspots na ito. Dahilan na dito ang layo at ang hirap ng access sa mga lugar na ito.

Bakit ba hindi tuluyang mapalaho ang illegal logging?

GAMIT ANG IBANG MATA

Ayon kay Emily Roque-Sarmiento, isang lecturer ng Kagawaran ng Sosyolohiya at Antropolohiya ng Pamantasan ng



Ateneo de Manila, kailangang tingnan ito bilang isang buong sistema, titingnan kung sino ang nabibigyang benepisyo at hindi. Aniya, "Sociologically, titingnan mo siya as a whole system talaga titignan kung sino yung 'nagbebenefit' at sino yung hindi."

Sa ilegal na pagtotroso ang siyang pasimuno nito ang nabibigyan ng benepisyo dahil siya ang nakakakuha ng kita. Kasabay nito nasisira naman ng ilegal na pagtotroso ang balanse o equilibrium ng ecosystem. Nasisira ang tahanan ng mga iba't ibang uri ng hayop at halaman.

Dagdag pa rito, naaapektuhan rin ang mga IPs (Indigenous People). Nagkakaroon ng di-pagkakaunawaan sa Pambansang Komisyon sa mga Katutubong Mamamayan (NCIP). Biglang ipagbibigay-alam sa IPs na bawal galawin ang isang lupa (na ginagamit nila noon pa) dahil protected land na nga raw ito. Nagkakaroon ng hindi pagkakaunawaan sa pagitan ng DENR at mga IPs kung kaya dito na rin nagsisimula ang isa na namang problemang kinakaharap ng DENR. Masyadong malaki at malawak ang mga lupain, malalayo din ang mga lupain kaya sobrang laki ng jurisdiction ng DENR. Saad ni Roque-Sarmiento, "priority natin economic-oriented kaysa environment and cultural. Titingnan natin yung profit. Mas important iyong gains. Mas after tayo sa economy."

NAKARAAN

Kung titingnan ang kasaysayan ng pagtotroso at agrikultura sa Filipinas, malalaman na hindi mabigat ang naging epekto nito sa kalikasan. Nomadiko at mababa ang populasyon ng marami sa mga sinaunang pamayanan sa bansa at karamihan sa mga ito ay ikinabubuhay ang subsistence farming o pag-aani ng sapat lamang sa kinakailangan. Dahil maliit ang populasyon, wala ring pangangailangan sa malaking industriya ng pagtotroso.

Sa mga pagkakataong isinasagawa ang pagkakaingin, iniiwan ang mga lupaing pinagtamnan sa loob ng isang henerasyon para mabigyan ito ng panahong humilom. Malalim din ang kaugnayan ng mga sinaunang pamayanan sa Filipinas sa kalikasan dahil nakaugat ang animisitiko nilang paniniwala sa pagrespeto rito.

Iba na talaga ang kaso ngayon na namamayagpag ang industriyalisasyon at konsumerismo. Pahayag ni Roque-Sarmiento, "hindi tayo as the end customers connected sa producers. This [furniture] could be a product of illegal logging pero hindi natin tinatanong, we just see it as a table or a chair pero wala ng question where it came from. Kasi 'di na tayo affected. It becomes possible for us to not care so much unless talagang affected tayo."

"PRIORITY NATIN ECONOMIC-ORIENTED KAYSA ENVIRONMENT AND CULTURAL. TITINGNAN NATIN YUNG PROFIT. MAS IMPORTANT IYONG GAINS. MAS AFTER TAYO SA ECONOMY."

Ipinaliwanag din niya na ang tila kawalan ng ideya ng mga gumagamit mismo ng mga bagay na gawa sa kahoy. Hindi na pinapansin ng mga mamimimili ang posibilidad na nanggaling sa illegal logging ang kahoy na ginamit para sa kanilang produktong binili. Ang paghahanap lamang ng produktong kinakailangan ang pakay ng mamimili. Wala rin namang pananagutan ang mamimili kung saka-sakaling nagmula nga sa illegal logging ang kahoy.

Wala itong direktang epekto kaya walang nabubuong pakialam. Binigyang-diin ni Roque-Sarmiento, "combination ng lack of enforcement at iyong mga powerful influences, issues sa loob ng DENR."

ANG HINAHARAP

Sa huli, ang kakulangan sa pagpapairal ng batas ang dahilan pa rin kung bakit hindi nalulutas ang ilegal na pagtotroso. Kasama na riyan ang mga hindi maikakailang paggamit ng impluwensiya at mga koneksyon upang makalusot sa batas at ang mga nang-aabuso rin ng kapangyarihan sa loob ng kagawaran. Ngunit higit pa rito, ang pagiging kulang sa pansin ang dahilan kung bakit hindi rin nareresolba ang mga isyung nakapaloob sa paglulutas ng illegal logging. "Walang consciousness na ganoon kasi ang concerns natin economic-oriented" aniya Roque-Sarmiento.

Talagang mas tinitingnan at binibigyang priyoridad pa rin natin ang mga bagay na makakatulong sa pagpapaunlad ng ekonomiya. Malaking tulong ang logging dito. Kahit na marami na ring sakuna na nangyari dahil sa unti-unting pagliit ng populasyon ng mga puno, para sa isang hindi mayamang pulo na nakakaranas pa rin ng kakulangan sa mga importanteng resources gaya ng enerhiya, priyoridad pa rin ang pagpapaunlad ng ekonomiya.

Bilang huling pahayag ni Roque-Sarmiento, "kung sa sociology kasi, titingnan mo siya bilang isang buong system for as to why people would resort to this and sa illegal logging or hunting para talagang it's inevitable in a way kasi lahat ng variables at factors would support for those activities to happen sadly unless may attention siyang makukuha later pero as of now puro government enforcement pa rin iyan."

Hindi naman maikakailang may ginagawa ang gobyerno para masugpo ang problema ng ilegal na pagtotroso sa bansa ngunit patuloy na hinahamon ng pamamayagpag ng ilegal na pagtotroso sa bansa ang pamahalaan. Nagmimistula mang hindi matakpan-takpan ang butas na dulot ng illegal logging, makakaya ito kung talagang bibigyang-pansin lamang.

MULA AT PABALIK SA MINDANAO: SI DIGONG AT DUTERTE

Saan dadalhin ng pangako ng pagbabago ang lupaing pangako?

sulat ni **MARY GRACE AJERO**
sining ni **RICHARD MERCADO**
lapat ni **EARL URBIZTONDO**

Sa unang pagkakataon, matapos ang 15 administrasyon, mula sa Mindanao ang naluklok na pangulo ng bansa. Dahil dito, hindi nakapagtataka na malaking bahagi ng Mindanao ang sumuporta kay Rodrigo Duterte sa nagdaang pambansang eleksyon noong Mayo, taong 2016 at patuloy na sumusuporta pa rin hanggang sa kanyang administrasyon.

Halos tatlong buwan matapos mailuklok si Duterte sa pagkapangulo, hindi na mabilang ang maiinit at kontrobersyal na isyu ukol sa pamumuno niya. Bagaman marami ang umaalma at bumabatikos, hindi maikakaila na marami pa rin ang nagtatanggol at nagpapakita ng suporta sa bawat hakbang, aksyon at salita ng pangulo. Malaking bahagi nito ang mga Mindanawon na mismong saksi sa pamumuno ni Duterte bilang mayor ng Davao, bago ang nagdaang eleksyon. Sa loob ng anim na taon, saan dadalhin ni Duterte kasama ang kanyang mga tagasuporta, ang Filipinas lalo na ang kapuluan ng Mindanao na hindi gaanong napagtutuunan ng pansin?

SI DIGONG NG DAVAO

Bagaman tubong Visayas, lumaki si Rodrigo “Rody” Roa Duterte sa lungsod ng Davao. Siya ang ikaapat na pangulo ng Pilipinas na tubong Visayas at una naman mula sa Mindanao. Ipinanganak noong ika-28 ng Marso 1945 kina Vicente Duterte, isang abogado at politiko, at Soledad Roa na isang guro. Si Digong na edad 71 ang pinakamatanda sa mga nagdaang pangulo. Nagtapos siya ng kursong Agham Pampolitika sa Lyceum of the Philippines at kumuha ng abogasya sa San Beda College of Law. Dahil dito, si Duterte ang unang abogadong pangulo na nahalal mula nang manungkulan si Ferdinand Marcos.

Nanungkulan si Digong bilang mayor sa lungsod ng Davao nang pitong termino sa loob ng 22 taon. Siya ang unang pangulong nanungkulan sa isang lokal na posisyon bago nahalal sa pagkapangulo. Sa loob ng mahabang panahong ito, kinilala ang Davao mula sa pagiging ‘Murder Capital of the Nation’ tungo sa tinagurian na ‘Most Peaceful City in Southeast Asia.’

Ayon sa Manila Bulletin, inilarawan ang Davao noon bilang ‘killing fields” bago ang pamumuno ni Duterte. Halos anim hanggang pitong katao ang natatagpuang patay kada araw na kadalasang miyembro ng kapulisan o militarya. Naging pugad noon ng mga rebelde ang lugar na siyang dahilan ng mataas na kriminalidad. Ngunit sa nagdaang taon, bumaba ang dami ng krimen sa siyudad ng 25.03% at crime rate ng 26.76%.

“DUTERTE HAS IT ALL. THAT’S WHY… HE BRINGS OUT THE MINDANAO AGENDA. AND THIS WILL NOW MAKE SENSE OF WHY PEOPLE IN LUZON AND IN VISAYAS ALSO CONDENSE, APART FROM THE AGENDA ON WAR ON DRUGS. ITO RIN. PARANG ‘MINDANAO NAMAN.’”

-ARJAN AGUIRRE
ATENEO DE MANILA UNIVSERSITY

Hindi maitatanggi na bukod sa aspeto ng kapayapaan at kaayusan, malaki ang pinagbago at iniunlad ng lungsod ng Davao sa dalawang dekadang pamumuno ni Digong. Patuloy ang pagpasok ng mga mamumuhunan at bunga rin ito ng maayos na implementasyon ng mga batas sa lokal na pamahalaan tulad ng firework ban, liquor ban, no smoking in public policy, pag-oobliga sa mga establisyemento na maglagay ng CCTV at ang mahigpit na pagpapatupad ng speed limit. Naging kilala rin si Digong bilang mayor ng siyudad na siyang nag-iikot at mismong nag-uusisa sa kalagayan at mga hinaing ng kanyang pinamumunuan.

Ayon kay G. Arjan Aguirre, propesor sa Politics and Governance and Electoral Reforms mula sa Kagawaran ng Agham Pampulitika ng Pamantasang Ateneo de Manila, “as a local government official, he has this tendency to centralize his power. That’s why he can deliver and he delivered so effectively. When I say centralized, siya ang nagde-decide. Iisa lang ang boses, iisa lang ang direksiyon. So iyong mahigit na dalawang dekada niya sa pamumuno, maraming nagbago sa Davao.”

Sa kabila nito, mayroong mga isyung kinasangkutan ang dating Mayor na naging isa sa mga dahilan ng pagputok ng pangalan niya sa balita. Tinagurian bilang “The Punisher” ng Time Magazine, kilala si Duterte sa kanyang kamay na bakal na pamamahala sa lungsod. Sa kabila ng pagbaba ng dami ng krimen sa lungsod, kinondena ng iba’t ibang organisasyong nagsusulong ng karapatang pantao ang mga extrajudicial killings na ikinakabit sa kanyang pamamahala at masidhing kampanya laban sa droga sa lugar. Naging usap-usapan din ang kanyang pananalita sa mga press conference at maging sa mga kapwa politiko na nakikita ng marami bilang kakatwang pagkilos lamang.

SI PANGULONG DUTERTE

Mula sa pagiging Davao City Mayor, tumalon sa pagkapangulo si Duterte matapos humakot ng 16 milyong boto o 39% sa kabuuang bilang ng rehistradong botante. Halos 90% ng bilang na ito ay mula sa mga botante sa Mindanao kung saan siya nanguna. Samantala, pumangalawa naman siya sa may pinakamatas na bilang ng boto sa Luzon at sa Visayas.

Pahayag ni G. Aguirre, may ilang dahilan kung bakit masidhi ang pagsuporta ng mga Mindanawon kay Duterte noong nakaraang eleksyon hanggang sa kasalukuyan. Una, siya lamang ang pangulo na nahalal mula sa Mindanao. Tila naging otomatiko ang pagsuporta ng mga Mindanawon dahil sa paninirahan at panunungkulan doon ni Duterte na masasabing isang halimbawa ng kultura ng rehiyonalismo sa bansa. Maaaring iuugnay ito sa pagkakatulad ng wika at kulturang nagdidikit kay Duterte at sa mga Mindandawon. Sapagkat galing sa Mindanao si Duterte, sa katotohanang



ito humuhugot ng pag-asa ang mga Mindanawon upang mapablis at mapagtuunan ng pansin ang Mindanao. Nakakita ng pagkakataon ang mga tao kay Duterte bilang tagapagligtas mula sa kasalakuyang kalagayan ng buong Mindanao.

Dagdag pa rito, naging epektibo rin siya sa paglilingkod sa sinasakupan kung saan naging saksi ang mga taga-Mindanao sa paraan ng kanyang pamumuno bilang opisyal sa ehekutibong kagawaran. Marami ang naakit sa mga balita at istatistika na nagpapatunay ng malaking pinagbago ng lungsod hindi lamang sa aspeto ng kapayapaan at kaayusan kung 'di pati na rin sa ekonomiya. Naging malaking bahagi ng pagpili ng mga tao sa kanya bilang pangulo ang kanyang mga karanasan sa mahabang panunungkulan sa Davao.

Panghuli, malakas ang suporta ni Digong mula sa Mindanao dahil sa kanyang Mindanao agenda. Ika nga ni Aguirre, "Duterte has it all. That's why for the fourth reason, he brings out the Mindanao agenda. And this will now make sense of why people in Luzon and in Visayas also, condense, apart from the agenda on war on drugs. Ito rin. Parang 'Mindanao naman.'" Marami ang umaasa mula sa kanya bilang isang lider mula sa Mindanao na mabigyang pansin at matugunan ang mga suliranin sa lugar tulad ng usaping pangkapayaan.

Kung susumahin, kapansin-pansin din na hindi lamang sa Mindanao malakas ang suportang natatanggap ni Duterte. Marami rin ang bumoto sa kanya sa ibang lalawigan bukod sa Mindanao. Hindi rin mabilang ang dami ng nagtatanggol sa pangulo sa bawat isyung pumuputok tungkol sa kanya. Mas kapansin-pansin na hindi lamang nagmumula sa isang socio-economic class ang pagsuporta sa kanya. Saan mang rehiyon o anumang estado ng pamumuhay, kakikitaan ng pagsuporta sa unang pangulo mula sa Mindanao. Bakit nga ba tagos at malawak ang suportang natatanggap ni Digong?

Isa sa mga nakaimpluwensiya sa pagpili ng mga tao na suportahan si Duterte ay ang kanyang paraan ng pangangampanya noong nakaraang eleksyon. Ayon kay Aguirre, gumamit ng popularidad si Digong bilang estratehiya ng pangangampanya upang makaakit ng atensyon at paghanga mula sa mga Pilipino. Kaya mapapansin noon sa mga debate na tila laging nagpapatawa at hindi seryoso ang pagsagot niya sa mga katanungan na siya namang ikinatuwa ng marami sa mga sumusuporta sa kanya.

Bukod dito, isa ring dahilan ang negatibong reaksyon ni Digong sa status quo kung saan nagmula ang tagline ng kampanya na 'Change is Coming'. Naging epektibo ito sa mga tao na siyang nagsasabing walang pagbabagong nagaganap sa mga nakaraang administrasyon. Bilang isang lider na nagmula sa isang simpleng pamilya, tila naging isang kinatawan siya ng mga taong kumokontra sa pamamalakad ng mga elitista at politikal na dinastiya sa Pilipinas.

"DUTERTE'S ELECTORAL SUCCESS CAN BE EXPLAINED BY NEGATIVE ATTITUDE TOWARD STATUS QUO. KAYA NGA CHANGE. NAGING EFFECTIVE SIYA…IT WAS NOT REALLY SOMETHING THAT COMES FROM THE PEOPLE, THE CLAMOR FOR CHANGE."

-ARJAN AGUIRRE

Higit sa lahat, isang malaking bahagi ng pagkapanalo ni Duterte ang social media. Kapansin-pansin na sa lahat ng kumandidato para sa pagkapangulo, si Duterte ang may pinakamalakas at pinakaaktibong sumusuporta mula sa iba't ibang plataporma ng social media Naging target ng kampanya ang bahagi ng populasyon na gumagamit ng internet kungkaya't nagkalat ang mga sumusuporta sa kanya sa Facebook at Twitter. Dahil dito, naging mabilis ang pagkalat ng impormasyon at ang mga plataporma niya sa iba't ibang panig ng bansa.

SA LUPAING NAPAKO

'Change is coming,' ika nga. Subalit sa lahat ng nangyayaring pagbabago sa kasalukuyang administrasyon ni Duterte, saan nga ba dadalhin ng 'change' na ito ang Mindanao?

Kaakibat ng pagkapanalo ni Duterte ang inaasahan ng mga tao na maiahon ang Mindanao. Nakatuon ang mga pangunahing repormang ekonomikal kaugnay sa agrikultura, transportasyon at pakikipagkalakalan sa lugar. Bunga rin ito ng magandang panahon na angkop para sa masaganang pagtatanim at lokasyon para sa pakikipagkalakalan sa karatig bansa. May mataas din na human capital ang lugar na makatutulong para sa pagpapatayo ng mga imprastraktura at pamumuhunan ng mga negosiyante.

Bago ito, bibigyang solusyon ng administrasyon ang kakulangan ng suplay ng kuryente sa Mindanano na siyang dahilan ng ilang taong pasakit ng rotating brown out sa lugar. Mga plano ang pagpapatayo ng mga karagdagdang power stations, railway system na magdurugtong sa mga pangunahing lungsod, at pagpapatayo ng paliparan at pantalan sa Mindanao upang mas mapalawak ang kalakakalan.

Bukod sa mga nabanggit, isa sa mga pangunahing hakbang na isinusulong ng administrasyon ni Duterte ang pederalismo na siyang umanong magbibigay solusyion hindi lamang sa kawalan ng pagkakapantay-pantay sa bayan kundi maging sa distribusiyon ng kaunlaran sa iba pang rehiyon ng bansa.

Kakatapos lamang ng ika-100 araw ng panunungkulan ni Duterte at malayo pa ang lalakbayin ng administrasyon tungo sa pagbabagong ipinangako nito sa bayan. Kasabay nito, malaking hamon din sa mga sumusuporta kay Duterte mula sa Mindanao na gawin ang kanilang papel sa pagkamit ng kaunlaran na inaasam ng lahat para sa tinaguriang Lupain ng Pangako.

MGA YAPAK NG PAG-ASA MATAPOS ANG MARTSA

Isang pagbabalik-tanaw sa martsa ng kabuhayan ng mga magniniyog

sulat ni **GERALD JOHN GUILLERMO**
kuha nina KIM SEVAÑA at RJ DIMLA
lapat ni **ALAWI SULARTE**

Hindi madaling panatilihin ang kabuhayan ng mga magniniyog. Maraming suliranin ang kanilang hinaharap sa pang-araw-araw na pangangalaga sa mga puno ng niyog. Isa na rito ang mga peste na sumisira sa dahon ng mga puno. Dahil dito, napipilitan ang mga magniniyog na putulin na lamang ang mga puno upang ito ay mapakinabagan pa. Kasama na rin sa proseso ng pangangalaga ang paglalagay ng pataba at paghahanap at paggawa ng iba't ibang paraan upang puksain ang mga peste nang lumago at sumagana ang pag-ani sa mga niyog.

Sa ganitong masalimuot ng proseso, nangangailangan ng tulong sa pagpapayabong ng industriya ng pagniniyog, lalo na upang matulungan sila mismong mga manggagawa na buhayin ang kani-kanilang pamilya. Isa sa mga pangunahing tulong na kailangan ay dapat manggaling sa gobyerno ng bansa. Subalit, sa mga nagdaang taon, maraming isyu ang umusbong kung saan hindi nabibigyan ng marapatang tulong at proteksyon ang mga magniniyog. Ano nga ba ang ugat nito at bakit mabagal ang pagtugon sa mahahalagang isyu na ito?

HENERASYON NG KALBARYO

Isa sa mga layon na tulong ng gobyerno ay ang pagbibigay ng pondo sa mga magniniyog. Sa panahon ni dating pangulong Ferdinand Marcos, nagsimula ang pagpapalawak at pagpapalawig ng produksyon upang magamit nang lubusan ang potensyal ng pagniniyog dito sa Filipinas.

Nagkaroon ng iba't ibang utos si Marcos ukol sa pagniniyog ngunit ang isa sa mga panukala niya ang magkaltas ng 15 piso kada sandaang kilo ng kopra. Nagpatuloy pa ang pagbabago ng presyo ng buwis na binabayaran ng mga magniniyog hanggang sa ito ay umabot ng 60 piso na tumagal mula 1973 hanggang 1982.

Ang pagpapataw ng buwis sa mga magniniyog ay lilikha ng pondo para sa kanila. Ang pondong ito sana ang tutulong sa pagpapayabong ng industriya ng pagniniyog dito sa Filipinas. Ito ang naglalayong magbibigay ng tulong pinansiyal sa mga magniniyog upang mapabuti nila ang kanilang mga pananim.

Subalit ang pondong nalikom ng mga magniniyog ay hindi napunta sa kanila. Sa halip, sa mga bulsa ng iilang mapang-abuso at makasariling politiko napunta ang pondo. Ginamit ito sa kanilang sariling interes - sa pagbili ng mga stock ng iba't ibang kumpanya. Kinalaunan, lumago ang salaping ito mula 9.7 bilyong piso hanggang sa 150 bilyong piso bilang interes. Dahil dito, nagkaroon ng deklarasyon ang Korte Suprema ng pagbabahagi ng 71 bilyong piso o 24 porsyento; ngunit hindi pa rin nakukuha ang pondong ito dahil sa kawalan ng polisiya para sa pagpapatupad nito.

> **"ANO BA ANG TUNAY NA DEMOKRASYA? HETO YUNG MAKAMASA… SINISIKAP NA ISAMA SA BUONG PROSESO NG PAMAMAHALA ANG BATAYANG SEKTOR… [AT] IBA'T IBANG SEKTOR NA ISINASANTABI... HETO YUNG MAHALAGA, ISANG DEMOKRASYA NA NAGSISIMULA SA BABA."**
>
> **- Lanz Espacio, USAD**

Makalipas ang apat na dekada, kalbaryo pa rin ang inabot ng mga magniniyog. Walang kongkretong polisiya ang naipasa at hanggang ngayon, isang pangarap pa rin ang pagkamit sa Coco Levy. Henerasyon na ang lumipas ngunit hanggang tanaw at hanggang sa isip na lamang ang pondong magsisilbing tulong sa kanila. Dahil dito, nahikayat at nagmitsa upang ang mga magsasaka ay magmartsa nang mabigyang pansin at marinig ang kanilang mga hinaing. Ginawa ito sa pag-asang mapapabuti ang kanilang kinabukasan at sa ikaauunlad ng industriya ng pagniniyog.

TANGKANG PAGKAMIT NG PROGRESO

Nakamit ng mga magsasaka ang iba't ibang tagumpay matapos ang pagmamartsa ng mga magsasaka mula sa Davao hanggang Maynila. Ayon kay Lanz Espacio, premyer ng The Union of Students for the Advancement of Democracy (USAD), matapos kalampagin ng mga magsasaka ang iba't ibang ahensiya sa gobyerno, naglabas ang Korte Suprema ng entry of judgment at naibalik mula sa pamahalaang Aquino ang 71 bilyong pisong Coco Levy Fund.

Matapos maibalik ang pondo, ang sumunod na aasikasuhin ay ang utilisasyon ng mga pondong ito. "Ang gusto ng mga magsasaka or at least yung KM71 ay bumuo ng trust fund na kung saan ay 'yung interes ay gagamitin upang palaguin; i-develop at paunlarin ng hindi lamang ng kasalukuyan industriya kundi para sa hinaharap na rin. Kumbaga ayaw nila noong lump sum investment ng 71 bilyong piso either i-disburse directly sa mga magsasaka o gamitin sa anumang industriya."

Paliwanag pa ni Espacio, "sa kasaysayan ng magniniyog, ginagamit 'yung tax upang gumawa ng kumpanya na minsan wala namang kinalaman sa kanilang industriya [kaya], minabuti na magkaroon ng trust fund. Bilang ito ay pagmamay-ari na ng pamahalaan, kinakailangan natin ng legislative action patungkol dito. Kasunod nito, 'yun 'yung ginawa naman ng magsasaka, lumapit sa kongreso upang ipasa itong Coconut Levy Trust Fund Bill, upang magawa itong trust fund."

Datapwat ayon kay Espacio, hindi ito napasa sa kongreso sa ilalim ng administrasyong Benigno Aquino III. Bilang band-aid solution, naglabas ng Executive Order 179 at ang dating-pangulong Aquino na nagtatakda ng mga alituntunin para sa paggamit ng pondo ng Coco Levy. Ngunit hindi naman naging epektibo ang hakbang na ito sapagkat hindi rin natugunan nang maayos



ang mga hinaing ng mga magsasaka.

Bilang susunod na hakbang, lumapit ang mga magsasaka sa mga kandidato noong nakaraaang halalan sa pag-asang gawing priyoridad ang mga isyu nila sa susunod na administrasyon. Sa lahat ng ng mga kandidato noong nakaraang halalan, sina Rodrigo Duterte lamang at ang kanyang ka-tandem na si Allan Peter Cayetano ang pumirma at nangako na isusulong ang Coco Levy Trust Fund bill sa kongreso at titiyakin na mabibigay talaga ang pondong ito sa mga magsasaka

BALAKID AT HADLANG

Kailang bigyang-diin na hindi ganoon kadali makamit ang kaunlaran. "Ang pinagtataka ng mga magniniyog, wala pa ring progreso, wala pa ring malinaw na hakbang ang administrasyon ni Duterte patungkol dito. Puro extrajudicial killing at droga, ngunit pagdating sa problema ng batayang sektor, wala pa rin tayong malinaw na direksiyon," ani Espacio.

Hindi umano nagagamit ang supermajority ng kongreso o ang kabuuuan ng pamahalaan. Hindi ito nagagamit ng pangulo upang isulong ang mga batas; hindi lang para sa mga magsasaka kundi pati rin sa mga manggagawa na humaharap sa isyu ng kontraktwalisasyon.

> **"...FUNDAMENTALLY KUNG BAKIT MAY DROGA AY DAHIL SA SOCIO-ECONOMIC CONDITIONS... KUNG SAAN KIKILING... SA DROGA KASI WALA NAMANG MATAKBUHAN."**
>
> **- Lanz Espacio, USAD**

Ayon pa kay Espacio, puno ng landed elites ang kongreso na tila hindi nagpapakita ng interes na paunlarin ang industriya ng agrikultura. Nabinbin ang bill sa ilalim ng komite ni Cynthia Villar ngunit tila interes ay nakatunton lamang sa real estate sa bansa. Winika niya na hindi ipapasa ang bill sa ilalim ng nibel ng kanyang komite. Bukod sa kanya, mayroon din na ibang mga indibidwal na ang interes ay nakatuon lamang sa negosyo. Kaya kung ipilit man isulong ang mga ganitong klaseng batas, maaaring hindi sila tutugma sa interes ng mga nabanggit na landed elites at sa huli, mapapabayaan uli ang kapakanan ng mga magsasaka at iba pang manggagawa.

PANIBAGONG KAMPANYA

Matapos ang kakaunting progreso sa administrasyon ni Aquino, nagbigay ng bagong pag-asa para sa mga magniniyog ang bagong administrasyon ni Duterte. Subalit ayon kay Espacio, "hangga't sa ang ating kongreso ay hindi talagang makamasa, hindi talaga sinusulong ang mga interes ng batayang sektor, naniniwala akong wala tayong patutunguhan 'pagdating sa tunay na pagbabago sa ating lipunan."

Sa kabila nito, may pagbabago naman na naganap sa mga nagmartsa, partikular na mga ahensiya tulad ng Kagawaran ng Repormang Pangsakahan (DAR) at Kagawaran ng Paggawa at Empleo (DOLE).
Mahalagang hakbang angpagbubukas ng mga pintuan ng DAR at DOLE upang magkaroon ng lugar kung saan nakapagpulong ang iba't ibang grupo kasama ng mga magsasaka. Dito nagkaroon ng malalim na diskurso kung saan mariing pinakinggan ang kanilang mga suliranin. Nagkaroon ng mga pagbabago bagaman kakaunti lamang subalit kung tatanungin naman ang mga manggagawa, nakararamdam at umaasa pa rin sila ng mas marami at mas mabilis na pagbabago.

Suhestiyon ni Espacio, "i-address natin yung socio-economic conditions na nagbubuhat ng ganitong klaseng mga problema." Dagdag pa niya, "tinatawag sa atin buhat ng ganitong sitwasyon ay umunawa. Unawain yung sitwasyon ng mga magsasaka, ng mga manggagawa kung bakit willing silang ibigay ang pagkapangulo sa isang kagaya ni Duterte."

Nanggagaling ito sa kasaysayan ng walang pagpansin kung kaya't kinakailangan ng mas malalim na diskurso at demokrasya.

Isang bagong pag-asa para sa mga Pilipino lalong-lalo na sa mga batayang sektor ang panibagong administrasyon. Isang administrasyon na may alam at karanasan sa mga hirap na dinaranas ng mga ordinaryong Pilipino. Ang pagbubukas ng pinto ng mga ahensiya ng gobyerno upang dinggin ang mga hinaing ng mga manggagawa ay sumisimbolo ng pagiging bukas sa pagdinig at pagharap sa mga isyu na kinahaharap ng sambayanang Pilipino. Nagkaroon na ng pagkakataon na lumapit sa pangulo upang idulog ang kanilang mga problema at unti-unti na itong nagagawan ng hakbang.

Ngunit, sa ngayon hindi pa rin tuluyang napagtutuunan ng pansin ang mga hinaing ng mga magniniyog. Masyadong nang nakatuon ang pangulo sa kanyang kampanya laban sa droga na naisasantabi na lamang ang iba pang aspeto na dapat lamang niyang bigyan ng pantay na halaga. Subalit, marami ang nagsasabi na nasa "honeymoon period" pa lang ang pangulo at nararapat na bigyan ng pagkakataon upang kapain kung paano niya pamumunuan ng bansang Pilipinas.


Kung kaya'ti, mahalagang magtulungan ang bawat isang Pilipino upang mailapit sa gobyerno ang mga saloobin at pangangailangan lalong-lalo na ng mga batayang sektor. Nangangailangan ang mga magsasaka ng sapat na atensyon ng pangulo pati na ng iba't ibang sektor at grupo. Mainam na simula ang ginawang pagmamartsa ng mga magsasaka. Subalit kailangan pa rin ang pagtulong-tulong upang ituloy ang pakikibaka laban sa mga nangaabuso, para sa kinabukasan ng mga marhinalisado.

Malayo-layo pa ang tatakbuhin ng administrasyon ni Duterte. Nasa atin kung patuloy na lamang bang nakatuon sa iisang adhikain at patutunguhan ang nalalabing taon ng kanyang pamumuno. Mahalaga sa ating parte ang gabayan ang ating presidente kung anong landas ang ating tatahakin para sa ikabubuti di lamang ng iisang pangkat o grupo bagkus ay sa buong sambayanang Pilipino.





Mga Muslim sa Ateneo
sining ni ROSALAINE PESARIT



TINTA

Tumatayo ang lumabas na tinta mula sa pluma bilang mata rin ng lawin. Nangangahas ang matang tumitig at magsuri sa paligid.

PLUMA

Sagisag ang pluma ng pamamahayag at pagsusulat bilang publikasyon na nagpapasiklab ng diskurso

ASERO

Ipinapamalas ang nib na panulat bilang pantuka rin ng lawin na naglalayong dagitin ang mga mapang-abuso.

BALUKTOT

Simbolo ng pagkabaluktot ang kakayahan na baliin ang mga nakasanayang kabuktutan sa lipunan.

Rebranding
Pinamahalaan ng Pamunuan '16-'17, sa pangunguna nina Rosalaine Pesarit at Micah Rimando, ang rebranding ng Matanglawin Ateneo.
Tingnan ito sa bit.ly/2anm86m

